

# Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas

Ang layunin ng bawat guro ng ebanghelyo—bawat magulang, bawat gurong pormal na tinawag, bawat home teacher at visiting teacher, at bawat alagad ni Cristo—ay ituro ang dalisay na doktrina ng ebanghelyo, sa pamamagitan ng Espiritu, upang matulungan ang mga anak ng Diyos na mapatatag ang kanilang pananampalataya sa Tagapagligtas at maging mas katulad Niya.

# Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

© 2016 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 10/15
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 10/15
Pagsasalin ng *Teaching in the Savior's Way*
Tagalog
13301 893

# Mga Nilalaman

**Pambungad**

Pambungad . . . 2
Mga Teacher Council Meeting . . . 3
Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas . . . 4

**Bahagi 1: Mahalin ang mga Tinuturuan Mo**

Mahalin ang mga Tinuturuan Mo . . . 6
Magtuon sa mga Tao, Hindi sa mga Lesson. . . . 7
Tulungan ang mga Hindi Dumadalo sa Klase . . . 8

**Bahagi 2: Magturo sa pamamagitan ng Espiritu**

Magturo sa pamamagitan ng Espiritu. . . . 10
Espirituwal na Ihanda ang Iyong Sarili . . . 12
Ipamuhay ang Ebanghelyo ni Jesucristo . . . 13
Gawing Kaaya-aya ang Lugar para Maanyayahan ang Espiritu . . . 15
Samantalahin ang Kusang Dumarating na mga Sandali para Makapagturo . . . 16
Gumawa ng Plano . . . 17

**Bahagi 3: Ituro ang Doktrina**

Ituro ang Doktrina . . . 20
Gumamit ng Musika, mga Kuwento, at Sining upang Magturo ng Doktrina . . . 22
Tumugon sa Mahihirap na Tanong nang May Pananampalataya . . . 23
Turuan ang mga Bata . . . 25
Turuan ang mga Kabataan . . . 27

**Bahagi 4: Maghikayat ng Masigasig na Pag-aaral**

Maghikayat ng Masigasig na Pag-aaral . . . 29
Magbigay ng mga Inspiradong Tanong . . . 31
Mamuno sa mga Inspiradong Talakayan . . . 33
Anyayahan ang mga Mag-aaral na Kumilos . . . 35
Suportahan ang Pag-aaral ng Ebanghelyo sa Tahanan . . . 36

**Apendise**

Pagpapahusay Bilang Isang Guro na Katulad ni Cristo: Isang Pagsusuri sa Sarili . . . 37
Pagpatnubay sa mga Bagong Guro: Isang Responsibilidad ng mga Priesthood at Auxiliary Leader . . . 38

## Pambungad

Ang mga alituntuning inilarawan sa resource na ito ay makakatulong sa bawat guro ng ebanghelyo na magturo sa paraan ng Tagapagligtas. Ang resource na ito ay nilayon lalo na para sa mga tao na ang mga calling sa Simbahan ay nagbibigay sa kanila ng mga oportunidad na magturo—kabilang na ang mga guro sa Primary, Sunday School, Relief Society, Young Women, at Aaronic at Melchizedek Priesthood quorums, gayundin ang mga priesthood at auxiliary leader. Ang mga alituntuning inilarawan dito ay makakatulong din sa mga magulang, guro, at auxiliary leader sa pagtuturo sa kanilang mga pamilya.

Maaaring pag-aralan ng mga guro ang resource na ito sa sarili nila upang malaman kung paano mas epektibong makapagturo sa paraan ng Tagapagligtas. Magagamit din nila ang resource na ito sa paggabay sa mga talakayan sa mga family home evening, presidency meeting, ward o stake council meeting, at buwanang teacher council meeting.

Ang mga teacher council meeting ay inilirawan sa bahaging “Mga Teacher Council Meeting.” Pinamamahalaan ng ward council ang mga miting na ito, sa tulong ng Sunday School presidency. Isang miyembro ng Sunday School presidency ang kadalasang namumuno sa mga miting. Ang materyal sa resource na ito ang dapat gamiting batayan sa mga teacher council meeting.

*Paunawa:* Sa resource na ito, ang mga pagtukoy sa mga ward at stake ay angkop din sa mga branch, district, at mission.



## Mga Teacher Council Meeting

Bawat ward ay dapat magdaos ng mga buwanang teacher council meeting kung saan maaaring magsanggunian ang mga guro tungkol sa mga alituntunin ng pagtuturo na katulad ni Cristo.

### KAILAN DAPAT IDAOS ANG MGA MITING NA ITO?

Ang mga teacher council meeting ay kadalasang dapat ganapin sa tatlong-oras na iskedyul ng mga miting sa araw ng Linggo.

- Ang mga guro sa Sunday School ay nagmimiting sa oras ng mga miting ng priesthood quorum, Relief Society, at Young Women.
- Ang mga guro sa priesthood quorum, Relief Society, at Young Women ay nagmimiting sa oras ng Sunday School.
- Ang mga guro sa Primary ay dadalo sa alinmang miting na inilarawan sa itaas, sa patnubay ng Primary president. (*Paunawa:* Kung kailangan, ang Primary presidency ay nagtatalaga ng mga substitute teacher, pinagsasama-sama ang mga klase, o gumagawa ng paraan para makadalo ang mga guro ng Primary sa mga teacher council meeting.)

### SINO ANG DAPAT DUMALO?

Lahat ng nagtuturo sa isang korum o klase sa ward ay dapat dumalo, na may kasamang isa man lang sa mga priesthood o auxiliary leader na responsable sa mga gurong iyon. Kung kailangan, maaaring igrupu-grupo ang mga participant ayon sa mga pangangailangan ng mga tinuturuan nila. Halimbawa, maaaring makatulong sa mga guro ng mga kabataan o mga bata na maghiwalay ng miting upang talakayin ang mga isyung partikular na nauugnay sa pagtuturo sa mga kabataan o mga bata.

### SINO ANG NAMUMUNO SA MGA MITING NA ITO?

Ang ward council, sa tulong ng Sunday School presidency, ang namamahala sa mga teacher council meeting. Kadalasan, isang miyembro ng Sunday School presidency ang gumaganap na lider ng talakayan para sa mga miting; maaaring italaga ang iba pang mga miyembro ng ward na mamuno sa mga miting paminsan-minsan.

### ANO ANG DAPAT MANGYARI SA ISANG TEACHER COUNCIL MEETING?

(*Paunawa:* Ang mga tagubiling ito ay para sa mga lider ng talakayan.) Pagkatapos ng pambungad na panalangin, dapat sundin sa teacher council meeting ang format na ito:

- *Magbahaginan at magsanggunian.* Magpabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo, magbigay ng mga tanong na may kaugnayan sa pagtuturo, at magbahagi ng mga ideya sa pagdaig sa mga hamon. Maaaring isama sa bahaging ito ng miting ang pagrerebyu ng mga alituntuning tinalakay sa nakaraang mga miting.
- *Magkasamang matuto.* Ipatalakay sa mga guro ang isa sa mga alituntuning inilahad sa resource na ito. Ang mga alituntunin ay maaaring talakayin nang hindi sunud-sunod, at maliban kung sabihin ng ward council, maaaring piliin ng mga participant sa miting ang susunod na alituntuning tatalakayin. Hindi kailangang ituro ang lahat ng aspeto ng alituntunin sa isang teacher council meeting—maaari kayong magmiting ulit tungkol sa isang alituntunin kung kailangan.
- *Magpraktis at mag-anyaya.* Kapag naaangkop, tulungan ang mga guro na praktisin ang alituntuning tinalakay. Ipatala sa kanila ang anumang impresyong natatanggap nila tungkol sa kung paano iangkop ang alituntunin sa kanilang pagtuturo at pakilusin sila ayon dito—pati na sa kanilang mga pagsisikap na magturo sa kanilang tahanan. Hikayatin sila na simulang pag-aralan ang susunod na alituntuning tatalakayin.

Hangga't maaari, dapat ipamalas sa mga teacher council meeting ang mga alituntuning tinatalakay.



# Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas

Kapag nag-iisip ka tungkol sa paraan ng Tagapagligtas sa pagtuturo, ano ang pumapasok sa isipan mo? Nakikita mo ba na tinuturuan Niya ang maraming tao sa tabing-dagat, kinakausap nang lihim ang babae sa may balon, o binabasbasan ang isang maliit na bata? Nang mabasa mo ang tungkol sa Kanya sa scriptures, ano ang napansin mo sa paraan ng pagtulong Niya sa iba para matuto at lumago? Ano ang ibig sabihin sa iyo ng pagtuturo sa paraan ng Tagapagligtas?

## ANG PARAAN NG PAGTUTURO NG TAGAPAGLIGTAS

Ipinahayag ni Jesucristo, "Ako ang daan" (Juan 14:6). Kapag pinagnilayan mo ang Kanyang buhay at ang sarili mong mga pagkakataong magturo, malalaman mo na ang paraan para maging epektibong guro ay maging higit na katulad ng Tagapagligtas. Ang paraan ng pagtuturo ng Tagapagligtas ay nagmula sa kung sino Siya at sa "kapangyarihan ng Espiritu" na nasa sa Kanya (Lucas 4:14). Ang susi sa pagtuturo na katulad ng Tagapagligtas ay mamuhay na katulad ng Tagapagligtas.

At paano Siya namuhay?

Ang Tagapagligtas ay puspos ng pagmamahal. Hinihikayat man Niya ang isang nagsisising makasalanan, tinuturuan ang Kanyang mga disipulo, o pinagsasabihan ang mga Fariseo, lahat ng ginawa ng Tagapagligtas ay pagpapakita ng pagmamahal. Ang pagmamahal at habag na ito para sa mga tao at sa kanilang mga pangangailangan ay nag-akay sa Kanya na magturo sa mga paraang makabuluhan sa kanila. Nang magturo ang Tagapagligtas, naging mga espirituwal na aral ang pamilyar na mga karanasan sa tunay na buhay tulad ng pangingisda, panganganak, at pagpapastol ng mga tupa.

Hinangad at sinunod ng Tagapagligtas ang kalooban ng Kanyang Ama at itinuro ang doktrina ng Kanyang Ama. Mula sa Kanyang pagkabata si Jesus ay "[n]aglumagak sa [gawain] ng [Kanyang] Ama," na naghahangad na gawin "lagi ang mga bagay na sa kaniya'y nakalulugod." "Ang turo ko ay hindi akin," wika Niya, "kundi doon sa nagsugo sa akin" (Lucas 2:49; Juan 8:29; 7:16).

Ang Tagapagligtas ay ganap na nakatuon sa Kanyang banal na misyon—ang ibalik ang mga anak ng Diyos sa Kanya. Kaya higit pa ang ginawa ni Jesus kaysa magbahagi lang ng impormasyon; binigyan Niya ang Kanyang mga alagad ng mahahalagang responsibilidad na nagpatibay ng kanilang pananampalataya at nagpalago sa kanila. Pinagtiwalaan Niya sila, inihanda, at isinugo sa lahat ng panig ng mundo para turuan, basbasan, at paglingkuran ang iba (tingnan sa Mateo 10:1, 5–8).

Mahal ng Tagapagligtas ang scriptures at ginamit ang mga ito para ituro at patotohanan ang Kanyang misyon. Tinuruan Niya ang mga tao na saliksikin ang scriptures para makita ang mga sagot sa sarili nilang mga tanong. Nang ituro Niya ang salita ng Diyos nang may kapangyarihan, nalaman ng mga tao sa kanilang sarili na totoo ang scriptures (tingnan sa Lucas 24:32).

Ipinamuhay ni Jesus ang Kanyang itinuro. Sa bawat tagpo, Siya ang sakdal na halimbawa. Tinuruan Niyang magdasal ang Kanyang mga alagad sa pamamagitan ng pagdarasal na kasama sila (tingnan sa Lucas 11:1–4). Tinuruan Niya silang magmahal at maglingkod sa paraan na minahal at pinaglingkuran Niya sila. Tinuruan Niya sila kung paano ipamuhay ang Kanyang ebanghelyo sa paraan ng Kanyang pamumuhay. Palagi Siyang nagtuturo—kadalasa'y sa mga pormal na tagpo ngunit gayon din kadalas sa mga tahanan at sa personal at dipormal na mga pakikipag-usap (tingnan sa Mateo 4:23, Marcos 14:3–9).

Marami ka pang tutuklasin tungkol sa paraan ng pagtuturo ng Tagapagligtas. Ngunit ito ang tiyak: ang kapangyarihan na tunay na magturo sa Kanyang paraan ay darating kapag natuto ka tungkol sa Kanya at sinunod mo Siya. Ang paanyayang magturo sa paraan ng Tagapagligtas ang talagang pinakamahalaga sa Kanyang paanyaya na "pumarito ka, sumunod ka sa akin" (Lucas 18:22).

## KAYA MONG MAGTURO SA PARAAN NG TAGAPAGLIGTAS

Ikaw ay isang disipulo ni Jesucristo. Ang ibig sabihin nito ay isa kang guro, dahil kabilang sa pagkadisipulo ang pagtuturo, pagbabasbas, at pagtulong sa iba. Maaari kang pormal na tawagin para

### HALIMBAWA NA VIDEO

Panoorin ang video na "Teaching the Gospel in the Savior's Way" (LDS.org).





magturo, ngunit ang responsibilidad na magturo ay laging nasa iyo, lalo na kung ikaw ay isang magulang. Kung minsan ang responsibilidad na magturo ay tila napakabigat. Marahil ay nag-aalala ka na hindi sapat ang nalalaman mo, na wala kang sapat na karanasan sa pagtuturo, o hindi mo talaga "tipong maging guro." Ngunit tinawag ka ng iyong Ama sa Langit, na lubusang nakakakilala sa iyo, na magturo dahil sa maihahandog mo bilang tapat na alagad ni Jesucristo. Hindi ka Niya pababayaan.

Narito ang ilan sa maraming mapagkukunan ng kapangyarihan at suporta na ipinagkaloob Niya para tulungan kang magturo sa Kanyang paraan.

*Ang kapangyarihan ng Espiritu Santo.* Kapag nagsikap kang ipamuhay nang marapat ang ebanghelyo, ihahayag sa iyo ng Espiritu Santo ang kalooban ng Diyos. Bibigyan ka Niya ng mga kaisipan, impresyon, at malikhaing mga ideya kung paano mo matutulungan ang iba na matuto. Tutulungan ka Niyang malaman kung aling mga alituntunin ng ebanghelyo ang pagtutuunan ng pansin. At aantigin Niya ang puso ng mga tinuturuan mo at bibigyang-inspirasyon silang magbago. Gagawing posible sa iyo ng Espiritu Santo na maging "isang guro na nagbuhat sa Dios," dahil ang Espiritu ang tunay na guro, at kapag nasasaiyo ang Espiritu, magtuturo ka nang may kapangyarihan ng Diyos at himalang mapapabalik-loob mo ang iba (Juan 3:2; tingnan sa 2 Nephi 33:1).

*Ang pangako ng iyong calling at pagkatalaga.* Ang calling mong magturo ay nagmumula sa Panginoon, hindi sa tao, at tulad ng pangako ni Pangulong Thomas S. Monson, "kung sino ang tinatawag ng Panginoon, ay gagawing karapat-dapat ng Panginoon."[1] Bukod pa rito, naitalaga ka sa ilalim ng patnubay ng mga mayhawak ng mga susi ng priesthood; sa gayon, may karapatan ka sa personal na paghahayag na kailangan mo para magtagumpay. Pasasaiyo ang mga pagpapalang ito kapag hinangad mo ito, nanatili kang matapat, at nagsikap kang maging karapat-dapat.

*Ang kapangyarihan ng panalangin.* Laging nariyan ang Ama sa Langit. Maaari mo siyang makausap sa pamamagitan ng panalangin. "Humingi sa Ama sa aking pangalan," sabi ng Tagapagligtas, "at mapapasainyo ang Espiritu Santo" (D at T 18:18; tingnan din sa D at T 42:14).

*Ang iyong pagmamahal, mga talento, at mga karanasan.* Mapagpapala mo ang mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng pagmamahal mo sa iba, sa mga kaloob na bigay sa iyo ng Diyos, at sa mga karanasan mo sa buhay. Kapag matapat kang naglingkod at naghangad ng tulong ng Diyos, palalakasin Ka niya, at ikaw ay lalago sa kakayahan mong magturo ng ebanghelyo sa paraan ng Tagapagligtas.

*Ang kapangyarihan ng salita ng Diyos.* Ang doktrinang matatagpuan sa scriptures at sa mga salita ng mga propeta sa mga huling araw ay may kapangyarihang baguhin ang mga puso at pag-ibayuhin ang pananampalataya. Kapag ikaw at ang mga tinuturuan mo ay "[sinu]bukan . . . ang bisa ng salita ng Diyos," malalaman mo na ito ay may "lakas na umakay sa mga tao na gawin yaong matwid" (Alma 31:5).

*Mapagmahal na mga lider.* Gusto kang tulungan ng iyong mga priesthood at auxiliary leader na magtagumpay. Hingan sila ng payo habang nagsisikap kang magpakahusay bilang guro at habang pinagninilayan mo ang mga pangangailangan ng mga tinuturuan mo.

*Ang mga kontribusyon ng mga tinuturuan mo.* Bawat indibiduwal sa klase mo ay saganang pagmumulan ng patotoo, mga kabatiran, at mga karanasan sa pamumuhay ng ebanghelyo. Anyayahan silang magbahaginan at magtulungan.

Tandaan, tinawag ka ng Diyos, at gagawin ka Niyang karapat-dapat. Ang pagtuturo ng ebanghelyo ay mahalagang bahagi ng Kanyang dakilang gawain ng kaligtasan, at "kapag tayo ay nasa paglilingkod ng Panginoon, may karapatan tayo sa tulong ng Panginoon."[2]

1. Thomas S. Monson, "Duty Calls," *Ensign,* Mayo 1996, 44.
2. Thomas S. Monson, "Para Matuto, Para Gawin, Para Maging" *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2008, 62.

## PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito. Huwag tangkaing ituro ang lahat sa isang miting.

***Magpraktis.*** Ipakumpleto sa mga guro ang pagsusuri na may pamagat na "Pagpapahusay Bilang Isang Guro na Katulad ni Cristo" sa resource na ito.

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

## Mahalin ang mga Tinuturuan Mo

(*Handbook 2: Administering the Church* [2010], 5.5.4)

Lahat ng ginawa ng Tagapagligtas sa buong ministeryo Niya sa lupa ay hinikayat ng pagmamahal—pagmamahal Niya sa Kanyang Ama at pagmamahal Niya sa ating lahat. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, mapupuspos din tayo ng pagmamahal na iyon kapag sinikap nating maging tunay na mga alagad ni Cristo (tingnan sa Juan 13:34–35; Moroni 7:48; 8:26). Taglay ang pagmamahal na katulad ng kay Cristo sa ating puso, gagawin natin ang lahat ng posibleng paraan para tulungan ang iba na matuto tungkol kay Cristo at lumapit sa Kanya. Pagmamahal ang magiging dahilan at motibo natin sa pagtuturo.

### ISA-ISANG IPAGDASAL ANG MGA TINUTURUAN MO

"Ikaw ay ipinamanhik ko," sabi ng Tagapagligtas kay Pedro, "na huwag magkulang ang iyong pananampalataya" (Lucas 22:32). Pag-isipan ang nangyayari sa iyong kalooban kapag ipinagdasal mo ang isang tao—paano naaapektuhan ng iyong panalangin ang nadarama mo tungkol sa taong iyon? Sa pagsunod sa halimbawa ng Tagapagligtas, isa-isang ipagdasal ang mga taong tinuturuan mo na may pinakamalalaking pangangailangan. Ipagdasal na malaman at maunawaan ang kanilang partikular na mga pangangailangan, at hilingin sa Ama sa Langit na "ihanda ang kanilang mga puso" (Alma 16:16) upang malaman nila ang mga bagay na tutugon sa mga pangangailangang iyon.

***Tanong na pagninilayan.*** Kapag ipinagdarasal ko ang mga tinuturuan ko, anong mga impresyon ang natatanggap ko?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang itinuturo sa akin ng panalangin ni Alma para sa mga Zoramita tungkol sa pagmamahal sa iba? (tingnan sa Alma 31:24–36).

### MAKITA ANG IBA AYON SA PAGTINGIN NG DIYOS SA KANILA

Dahil ang Diyos ay tumitingin sa puso ng isang tao, ang nakikita Niya ay maaaring iba sa nakikita natin sa kanilang panlabas na anyo (tingnan sa I Samuel 16:7). Habang sinisikap mong makita ang mga tinuturuan mo ayon sa pagtingin ng Diyos sa kanila, makikita mo ang kanilang banal na kahalagahan, at ituturo sa iyo ng Espiritu ang gagawin para matulungan silang makamit ang kanilang potensyal.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Paano nakagawa ng kaibhan sa buhay ko ang pagmamahal at tiwala ng isang magulang, guro, o iba pang tagapayo? Paano makakagawa ng kaibhan ang pagmamahal ko sa isang taong sinisikap kong turuan?

***Halimbawa sa scriptures.*** Sa Lucas 19:1–10, iba ang pagtingin ng Tagapagligtas sa publikanong si Zaqueo kaysa pagtingin ng iba sa kanya. Anong iba pang mga halimbawa sa scriptures ang nagpapakita ng pagtingin ng Diyos sa atin?

### MAGHANAP NG MGA SIMPLE AT ANGKOP NA PARAAN PARA MAIPAKITA ANG IYONG PAGMAMAHAL

Depende sa sitwasyon mo, ang pagpapakita ng pagmamahal sa mga tinuturuan mo ay maaaring mangahulugan ng pagbibigay sa kanila ng taos-pusong mga papuri, pagiging interesado sa kanilang buhay, pakikinig na mabuti sa kanila, pagsasali sa kanila sa lesson, paglilingkod sa kanila, o kahit sa magiliw na pagbati lang sa kanila kapag nakita mo sila. Ang pakikitungo mo sa mga tao ay kasinghalaga ng itinuturo mo sa kanila.

Kung minsan, ang kaabalahan natin sa paglalahad ng lesson ay humahadlang sa atin na pakitaan ng pagmamahal ang mga tinuturuan natin. Kapag nangyari ito sa iyo, isipin kung paano ka makapagtutuon ng pansin sa pinakamahalaga. Halimbawa, bago magklase, maaari mong hilingin sa isang miyembro ng klase o ng iyong auxiliary presidency na ayusin ang inyong silid-aralan at ihanda ang audiovisual equipment para mas marami kang oras na batiin ang mga miyembro ng klase pagpasok nila sa silid. Maaari mo ring malaman na ang pagpapatulong sa mga miyembro ng klase sa paghahanda ng silid ay napakagandang paraan para makausap mo sila bago magklase.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Alam ba ng mga tinuturuan ko na mahal ko sila? Anong katibayan ang naibigay ko sa kanila? Ano ang magagawa ko para matulungan nang may pagmamahal ang isang taong tila ayaw makilahok sa klase?

***Halimbawa sa scriptures.*** Paano nagpakita ng pagmamahal ang Tagapagligtas sa mga tinuruan Niya? (tingnan sa Juan 13:3–16; 3 Nephi 17). Paano ko masusunod ang Kanyang halimbawa habang nagtuturo ako?

Tingnan din sa video na "Love Those You Teach" (LDS.org).

### PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito.

***Mag-anyaya.*** Sabihin sa mga guro na pagnilayan ang nadama nilang dapat gawin dahil sa kanilang talakayan tungkol sa pagmamahal sa mga tinuturuan nila. Marahil ay may naisip silang isang tao na kailangang makadama ng pagmamahal—isang kapamilya, kaibigan, o miyembro ng klase. Paano sila kikilos ayon sa mga pahiwatig na ito?

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

## Magtuon sa mga Tao, Hindi sa mga Lesson

"Ang guro ng ebanghelyo, tulad ng Guro na ating pinaglilingkuran, ay lubos na magtutuon ng pansin sa mga tinuturuan," sabi ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Ang ganap na pagtutuunan ng kanyang pansin ay ang mga pangangailangan ng mga tupa—ang kapakanan ng mga estudyante. Hindi itinutuon ng guro ng ebanghelyo ang kanyang pansin sa kanyang sarili. Hindi ituturing ng isang nakakaunawa sa prinsipyong iyon ang kanyang tungkulin bilang guro na 'nagbibigay o naglalahad ng aralin,' sapagkat ang pananaw sa kahulugang ito ng pagtuturo ay nakatuon sa guro, hindi sa estudyante. Sa pagtutuon ng pansin sa mga pangangailangan ng mga estudyante, hindi kailanman magiging sagabal ang guro ng ebanghelyo sa layunin ng kanilang Guro sa pamamagitan ng paghadlang o paggamit sa aralin para sa sariling kapakinabangan o sariling interes."[1]

### HANGARING MAUNAWAAN ANG MGA TINUTURUAN MO

Ang ebanghelyo ay para sa lahat, ngunit walang dalawang tao na parehong-pareho. Maghanap ng mga paraan para maunawaan ang mga karanasan, interes, talento, at pangangailangan ng mga taong tinuturuan mo. Magtanong, makinig na mabuti, at obserbahan ang sinasabi at ginagawa ng mga mag-aaral sa iba't ibang sitwasyon. Kung nagtuturo ka sa mga kabataan o mga bata, hingan ng mga ideya ang mga magulang nila. Higit sa lahat, ipagdasal na magkaroon ka ng pang-unawa na tanging ang Espiritu lamang ang makapagbibigay. Kapag mas naunawaan mo ang mga tinuturuan mo, mas matutulungan mo silang makita kung paano naaangkop ang ebanghelyo sa kanilang sariling buhay.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Sino sa mga tinuturuan ko ang kailangan kong higit na maunawaan? Ano ang magagawa ko para higit ko siyang maunawaan?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang itinuturo sa Juan 21:1–17 tungkol sa paraan na naunawaan ng Tagapagligtas si Pedro at itinuro sa kanya ang kailangan niyang malaman?

▶ Tingnan din sa video na "Know and Love Us" (LDS.org).

### MAGHANDA NA INIISIP ANG MGA TINUTURUAN

Kung minsan, sa paghahandang magturo, maaaring naisin ng mga guro na gamiting muli ang isang lesson o aktibidad na nagamit na nila nang hindi iniisip kung paano ito naaangkop sa kasalukuyang grupo ng mga mag-aaral. Ang pamamaraang ito kadalasan ay hindi isinasaalang-alang ang mga natatanging pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Kapag naghahanda ka, hayaang ang pag-unawa mo sa mga tinuturuan mo ang gumabay sa iyong mga plano. Para makaunawa ang iba't ibang mag-aaral, maaari kang mahikayat na gumamit ng musika, maagang magbigay ng assignment, o magbahagi ng analohiya tungkol sa isang bagay na kinawiwilihan ng isang miyembro ng klase, tulad ng sports. Ang mga guro na katulad ni Cristo ay hindi nakatuon sa isang partikular na estilo o pamamaraan; nakatuon sila sa pagtulong sa mga tao na mapatibay ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo at maging higit na katulad Niya.

***Tanong na pagninilayan.*** Paano ko mababago ang mga plano ko sa pagtuturo para matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng isang tao sa klase ko?

***Halimbawa sa scriptures.*** Paano tinugunan ng paraan ng pagtuturo ng Tagapagligtas ang mga natatanging pangangailangan ng mga taong tinuruan Niya? (tingnan, halimbawa, sa Marcos 10:17–22).

### HUWAG TANGKAING ITURO ANG LAHAT

Maraming tatalakayin sa bawat lesson, ngunit hindi kailangang ituro ang lahat sa isang class period para antigin ang puso ng isang tao—madalas ay sapat na ang isa o dalawang mahahalagang punto. Habang pinagninilayan mo ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral, tutulungan ka ng Espiritu na matukoy kung aling mga alituntunin, kuwento, o scriptures ang magiging mas makabuluhan sa kanila. Maaari ka rin Niyang bigyang-inspirasyon habang nagkaklase na baguhin ang iyong plano, at ipagpaliban ang pagtalakay sa ilang punto para sa ibang panahon upang matalakay ang mga alituntuning mas mahalaga sa mga miyembro ng klase ngayon.

***Tanong na pagninilayan.*** Paano ko maipapakita sa mga tinuturuan ko na mas interesado akong matuto sila kaysa kumpletuhin ang isang lesson?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ko tungkol sa pagtuturo mula sa huwarang inilarawan sa Doktrina at mga Tipan 98:11–12? (tingnan din sa D at T 78:17–19).

1. Dallin H. Oaks, "Pagtuturo ng Ebanghelyo," *Liahona,* Enero 2000, 96.

### PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo. Tiyakin na lahat ng nais magbahagi ay may pagkakataong gawin ito; mas mahalaga ito kaysa ituro ang buong materyal sa bawat lesson.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito.

***Magpraktis.*** Papuntahin ang isang guro sa harapan ng klase. Anyayahan ang iba na magtanong ng mga bagay na magpapaalam sa kanila ng mga interes at talento ng taong iyon. Pagkatapos ay talakayin ninyo ng mga guro kung paano maaaring makaimpluwensya ang kaalamang ito sa paraan ng pagtuturo nila sa taong nasa harapan ng klase. Itanong sa mga guro kung paano nila maipapamuhay ang gawaing ito sa kanilang paghahanda at pagtuturo.

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

## Tulungan ang mga Hindi Dumadalo sa Klase

Kahit madalas mangusap ang Tagapagligtas sa maraming tao, labis Siyang interesado sa mga indibiduwal—kabilang na ang mga nakalimutan, nakaligtaan, tinanggihan, o hindi naunawaan. Tulad ng pastol sa talinghaga ng Tagapagligtas na iniwan ang siyamnapu't siyam na ligtas sa kulungan upang hanapin ang isang nawawala (tingnan sa Lucas 15:4), matutulungan mo ang mga wala sa klase mo. Ang mga oportunidad mong turuan at palakasin ang mga miyembro ng klase at tulungan silang lumapit kay Cristo ay nagpapatuloy sa labas ng silid-aralan at sa mga hindi dumadalo sa klase mo.

### AKUIN ANG RESPONSIBILIDAD

Ang pagtulong sa mga di-gaanong aktibong miyembro ay hindi lamang tungkulin ng isang home teacher, visiting teacher, o priesthood o auxiliary leader—makakatulong din ang mga guro sa gawaing ito. Ang pagtuturo ay higit pa sa paglalahad ng lesson tuwing Linggo. Kabilang dito ang paglilingkod nang may pagmamahal at pagtulong sa iba na matanggap ang mga pagpapala ng ebanghelyo, at ang tulong na ito ang kadalasang kailangan mismo ng di-gaanong aktibong miyembro. Kailangang magtulungan tayong lahat para matulungan ang mga nahihirapan, at bilang guro, maaaring nasa kakaibang kalagayan ka para tumulong.

Naalala ni Pangulong David O. McKay ang kuwento tungkol sa isang bangkang puno ng mga binatilyo na lumulutang pababa ng ilog patungo sa mapanganib na talon. Nang mapansin ang mapanganib na sitwasyon, sinigawan ng isang lalaki sa tabing-ilog ang mga binatilyo na pumihit pabalik, ngunit hindi nila matanaw ang talon at hindi nila pinansin ang lalaki. Muli nitong isinigaw ang babala, at muli nagtawanan sila at hindi ito pinansin. Gayunman, hindi naglaon ay nasa gitna na sila ng rapids o lagaslasan. Sinubukan nilang ipihit ang bangka pabalik, ngunit huli na ang lahat. Itinuro ni Pangulong McKay, "Isang bagay ang tumayo sa tabing-ilog at sumigaw ng: 'Mga bata, ahoy! Mapanganib diyan!' Ibang bagay naman ang mamangka sa ilog at, kung maaari, lumulan sa bangka kasama ng mga binatilyo, at sa pagsama, sa paghihikayat, . . . ay ipihit pabalik ang bangka palayo sa lagaslasan. . . . Maging bahagi tayo ng buhay nila."[1]

***Mga tanong na pagninilayan.*** Sino sa mga tinuturuan ko ang tila nahihirapan o hindi dumadalo sa klase? Ano ang magagawa ko para matulungan siya? Paano makakatulong ang ibang mga miyembro ng klase?

***Halimbawa sa scriptures.*** Habang binabasa ko ang mga paraan ng pagtulong ng Panginoon sa mga tao (tingnan, halimbawa, sa Lucas 8:43–48; Juan 4:6–30), ano ang itinuturo sa akin ng Espiritu kung paano ko matutulungan ang mga taong tinuturuan ko?

### MAGHANGAD NG INSPIRASYON

Habang naghahangad ka ng inspirasyon tungkol sa indibiduwal na mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase mo, alalahanin ang mga nahihirapan o hindi regular na dumadalo (maipapaalam sa iyo ng mga lider mo kung sino ang nangangailangan ng pinakamalaking atensyon). Ang isang tao ay maaaring hindi makilahok sa Simbahan sa iba't ibang kadahilanan—marami sa mga ito ang mahirap mapansin. Ngunit kilala at mahal ng Ama sa Langit ang Kanyang mga anak, at kung gagawin mo ang tungkulin mo, ipapaalam Niya sa iyo ang pinakamabuting paraan para matulungan ang mga miyembro ng klase mo na nahihirapan sa ebanghelyo at maanyayahan silang bumalik.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Alam ko ba ang lahat ng pangalan ng mga tinuturuan ko? Ipinagdarasal ko ba ang mga nahihirapan? Paano ko higit na mababatid ang mga pangangailangan nila?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ko mula sa Juan 10:14–15, 27–29 tungkol sa nadarama ng Tagapagligtas para sa mga taong tinuturuan ko?

### SUPORTAHAN ANG MGA PAMILYA

Ang mga taong may pinakamalaking impluwensya sa isang indibiduwal—sa kabutihan man o sa kasamaan—ay kadalasang ang mga taong kasama niya sa bahay. Dahil ang tahanan ang sentro ng pamumuhay at pag-aaral ng ebanghelyo, ang mga pagsisikap mong palakasin ang isang miyembro ng klase ay magiging napakaepektibo kapag nagpatulong ka sa isang sumusuportang asawa, mga anak, o iba pang mga kamag-anak. Kapag sinubukan mo, halimbawa, na tulungan ang isang kabataan o bata, kausapin mo ang mga magulang niya; matutulungan ka nilang maunawaan ang mga pangangailangan ng kanilang anak at kung paano ito tutugunan.

***Tanong na pagninilayan.*** Ano ang magagawa ko para masuportahan ang mga pagsisikap ng mga pamilya ng mga tinuturuan ko?

### PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o mahigit pang mga ideya sa bahaging ito. Huwag tangkaing ituro ang lahat sa isang miting.

***Magpraktis.*** Magpabahagi sa mga guro ng mga ideya sa isa't isa (sa maliliit na mga grupo o sa lahat) tungkol sa mga paraan na natulungan nila ang mga taong hindi dumadalo sa klase nila.

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ko mula sa Enos 1:1–3; Mosias 27:14; at Alma 36:17 kung paano matutulungan ng matatapat na kapamilya ang mga taong nahihirapan?

### MAG-ANYAYA NANG MAY PAGMAMAHAL

Ang mga taos-pusong pagpapahayag ng pagmamahal na katulad ng kay Cristo ay may malaking kapangyarihang palambutin ang puso ng mga miyembro ng klase na nahihirapan sa ebanghelyo. Kadalasan ay kailangan lang malaman ng mga taong ito na sila ay kailangan at minamahal. Tulad ng itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson, "Ang paghiling sa kanila na maglingkod sa isang tungkulin ay maaaring ang mismong dahilan na kailangan nila upang maging lubos na aktibo."[2] Maaaring kasingsimple lang ito ng paghiling sa kanila na makibahagi sa darating na lesson—na magbahagi ng isang karanasan o damdamin tungkol sa isang scripture. Maaari mong hilingin sa ibang mga miyembro ng klase na ipakita ang pagmamahal nila sa mga taong ito sa pagbisita sa kanila, pag-anyaya sa kanila sa klase, o kahit pagsundo sa kanila kung kailangan.


***Mga tanong na pagninilayan.*** Paano ako espirituwal na napalakas ng isang paanyayang maglingkod sa iba? Matutulungan ko ba ang isang miyembro ng klase na espirituwal na lumago sa pamamagitan ng paghiling sa kanya na maglingkod sa anumang paraan?

***Halimbawa sa scripture.*** Paano binago ng isang paanyayang maglingkod ang paninindigan ni Amulek sa ebanghelyo? (tingnan sa Alma 10:1–11).

### MAGING MATIYAGA AT MASUGID

Ang pastol sa talinghaga ng Tagapagligtas ay patuloy na naghanap sa nawawalang tupa "hanggang sa ito'y kaniyang masumpungan" (Lucas 15:4). Hindi lahat ay tutugon kaagad sa mga pagsisikap mo. Ngunit hinimok tayo ng Tagapagligtas na huwag sumuko kailanman: "Sapagkat sa mga yaon kayo ay patuloy na maglilingkod; sapagkat hindi ninyo alam kung sila ay magbabalik . . . , at pagagalingin ko sila" (3 Nephi 18:32). May tiwala sa takdang panahon ng Panginoon, patuloy na maghanap ng angkop na mga paraan upang ipakita sa mga hindi dumadalo na mahal at hinahanap-hanap mo sila. Maaari kang bumisita nang personal, tumawag sa telepono, magtext, o gumamit ng iba pang mga paraan. Maaari kang magulat sa pangmatagalang impluwensya ng iyong matiyaga at masugid na mga pagsisikap na matulungan sila nang may pagmamahal.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Paano nagpakita ng tiyaga ang Tagapagligtas sa aking mga kahinaan at paghihirap?



Paano ko masusunod ang Kanyang halimbawa sa mga tinuturuan ko?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ko tungkol sa pagiging matiyaga at masugid mula sa Lucas 15:8–10; Alma 37:7–8; at Doktrina at mga Tipan 64:33?

1. David O. McKay, sa Conference Report, Okt. 1968, 7–8.
2. Thomas S. Monson, "Tingnan ang Kapwa ayon sa Maaaring Kahinatnan Nila," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2012, 68.

**HALIMBAWA SA VIDEO**

Para sa nakaantig na halimbawa ng isang lider na tumulong sa isang binatilyong hindi dumadalo sa mga quorum meeting, panoorin ang kuwento ni José de Souza Marques sa unang ilang minuto ng video ng mensahe ni Elder Mervyn B. Arnold sa pangkalahatang kumperensya na "Palakasin ang Inyong mga Kapatid" (LDS.org). (tingnan din sa "Palakasin ang Inyong mga Kapatid" *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 46–48.)



## Magturo sa pamamagitan ng Espiritu

(*Handbook 2: Administering the Church* [2010], 5.5.4)

Ipinangako ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo, "Ang Espiritu Santo . . . ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi" (Juan 14:26). Sa pamamagitan lamang ng Espiritu Santo natin matutupad ang pinakamithiin ng pagtuturo ng ebanghelyo—patibayin ang pananampalataya kay Jesucristo at tulungan ang iba na maging higit na katulad Niya. Ang Espiritu Santo ay sumasaksi sa katotohanan, pinatototohanan Niya si Cristo, at binabago Niya ang mga puso. Walang mortal na guro, gaano man siya kagaling o kahusay, na maaaring pumalit sa Espiritu. Ngunit maaari tayong maging mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos para tulungan ang Kanyang mga anak na matuto sa pamamagitan ng Espiritu. Para magawa ito, inaanyayahan natin ang impluwensya ng Espiritu sa ating buhay at hinihikayat ang mga tinuturuan natin na gawin din iyon.

### ANYAYAHAN ANG ESPIRITU SA PAGTUTURO MO

Ang pinakalayunin ng lahat ng ginagawa ng isang guro ng ebanghelyo—bawat tanong, bawat talata sa scriptures, bawat aktibidad—ay anyayahan ang Espiritu na patibayin ang pananampalataya at anyayahan ang lahat na lumapit kay Cristo. Gawin ang lahat ng makakaya mo para maanyayahan ang impluwensya ng Espiritu Santo. Ipinangako ng Panginoon na, "Ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya" (D at T 42:14). Bukod pa rito, ang sagradong musika, scriptures, mga salita ng mga propeta sa mga huling araw, mga pagpapahayag ng pagmamahal at patotoo, at mga sandali ng tahimik na pag-iisip ay pawang makapag-aanyaya sa Espiritu. Halimbawa, maaari mong gawin na magkaroon ng banayad na prelude music sa pagsisimula ng klase.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Ano ang naghahatid ng Espiritu sa buhay ko? sa tahanan ko? sa klase ko? Ano ang magtataboy sa Kanya? Paano ko matutulungan ang mga miyembro ng klase na maanyayahan ang Espiritu sa pag-aaral nila ng ebanghelyo?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ko tungkol sa Espiritu Santo mula sa Juan 14:26; Helaman 5:29–30; at Doktrina at mga Tipan 11:12–13? Paano ako matutulungan ng alituntuning ito na magturo nang higit na katulad ng Tagapagligtas?

### MAGING MAPAGPAKUMBABANG KASANGKAPAN NG ESPIRITU

Kung minsan, maaaring matukso ang mga guro na isipin na ang kaalaman o pamamaraan o personalidad nila ang nagbibigay-inspirasyon sa mga tinuturuan nila. Ang saloobing ito ay humahadlang sa kanila na maanyayahan ang Espiritu Santo na turuan ang mga miyembro ng klase at baguhin ang kanilang puso. Ang layunin mo bilang guro ay hindi ang gumawa ng kahanga-hangang paglalahad ng lesson kundi ang tulungan ang iba na matanggap ang impluwensya ng Espiritu Santo, na siyang tunay na guro.

***Tanong na pagninilayan.*** Anong mga pagbabago ang dapat kong gawin para mas lubos kong makasama ang Espiritu Santo habang nagtuturo ako? (tingnan, halimbawa, sa D at T 112:10). Para sa isang aktibidad sa pagsusuri sa sarili, tingnan sa "Pagpapahusay Bilang Isang Guro na Katulad ni Cristo" sa resource na ito.

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang itinuturo sa akin ng Espiritu habang binabasa ko kung paano naging "mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos" si Alma at ang mga anak ni Mosias? (Mosias 27:32–37; Alma 17:1–12; 26; 29).

### MAKIBAGAY

Madalas ay hindi inaasahan ang pagdating ng pinakamagagandang sandali para magturo—halimbawa, kapag nagbahagi ng karanasan o nagtanong ang isang tao na humahantong sa isang makabuluhang talakayan. Bigyan ng oras ang gayong mga sandali. Makinig sa mga pahiwatig—kapwa habang ikaw ay nagpaplano at habang ikaw ay nagtuturo—at maging handang baguhin ang mga plano mo kung kailangan para masunod ang mga pahiwatig na natatanggap mo. Kung espirituwal kang handa, maibibigay sa iyo ng Panginoon "sa sandali[ng iyon], kung ano ang [iyong] sasabihin" (D at T 100:6). Tandaan na mas mahalagang sundin ang mga paramdam ng Espiritu kaysa ituro ang malaking bahagi ng materyal.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Kailan ko nadama na pinatnubayan ako ng Espiritu bilang guro? Ano ang magagawa ko upang matanggap nang mas madalas ang Kanyang patnubay?

***Halimbawa sa scriptures.*** Nang mabasa ko ang 3 Nephi 17:1–9, ano ang natutuhan ko mula sa halimbawa ng Tagapagligtas nang tumugon Siya sa mga pangangailangan ng mga tinuruan Niya?

### IBAHAGI NANG MADALAS ANG IYONG PATOTOO

Ang iyong simple at taos-pusong patotoo sa espirituwal na katotohanan

#### ANYAYAHAN ANG MGA MAG-AARAL NA KUMILOS

Ang tunay na pagbabalik-loob ay hindi lang pagdama sa pagpapatibay ng Espiritu sa katotohanan sa ating kaluluwa; kailangan din tayong kumilos ayon sa mga katotohanang ito. Bukod sa pagtulong sa mga mag-aaral na madama at makilala ang Espiritu, tulungan silang kumilos ayon sa mga pahiwatig na natatanggap nila. Para malaman ang iba pa tungkol sa pag-anyaya sa mga mag-aaral na kumilos, tingnan sa "Anyayahan ang mga Mag-aaral na Kumilos" sa resource na ito.



ay maaaring makaimpluwensya nang malaki sa mga tinuturuan mo. Napakalakas ng patotoo kapag ibinahagi ito nang tapat at taos-puso. Hindi ito kailangang maging maganda o mahaba at hindi ito kailangang magsimula sa "Gusto kong magpatotoo." Patotohanan nang madalas ang partikular na mga alituntuning itinuturo mo. Itinuro ni Pangulong Joseph F. Smith na "ang gayong patotoo ay tila isang tatak na nagpapatunay sa kadalisayan" ng alituntunin.[1]

***Mga tanong na pagninilayan.*** Ano ang mga pagkakataon kong magpatotoo habang nagtuturo—kapwa sa klase ko at sa tahanan ko? Paano ko mas magagamit ang mga pagkakataong ito?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ko sa paraan ng pagpapatotoo ni Alma, na nakatala sa Alma 5:45–48; 36:3–4?

Tingnan din sa video na "A Man without Eloquence" (LDS.org).

### ANYAYAHAN ANG IBA NA MAGPATOTOO

Para maanyayahan ang Espiritu sa pagtuturo mo, hikayatin ang iba na ibahagi ang kanilang personal na patotoo sa katotohanang tinatalakay mo. Ipabahagi lang sa mga miyembro ng klase ang kanilang mga nadarama o karanasan tungkol sa isang alituntunin ng ebanghelyo. Halimbawa, maaari mong itanong na, "Ano ang nadarama mo tungkol sa Aklat ni Mormon?" o "Paano napagpala ng pagsunod sa propeta ang pamilya mo?" Kahit maliliit na bata ay kayang magpatotoo kapag napukaw sa ganitong paraan.

***Tanong na pagninilayan.*** Kapag iniisip ko ang mga tinuturuan ko, sino ang nadarama kong anyayahan na magpatotoo?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ayon sa nakatala sa Mateo 16:15–17 at Juan 11:20–27, paano inanyayahan ng Tagapagligtas sina Pedro at Marta na magpatotoo?

Tingnan din sa mga video na "Thou Art the Christ" at "Invite Us to Testify" (LDS.org).

### TULUNGAN ANG IBA NA MAKILALA ANG IMPLUWENSYA NG ESPIRITU

Isa sa pinakamahahalagang bagay na magagawa mo bilang guro ang tulungan ang mga tinuturuan mo na makilala ang impluwensya ng Espiritu Santo. Totoo ito lalo na kapag nagturo ka sa mga bata, kabataan, at bagong miyembro—inihahanda mo silang tumanggap ng personal na pahayag, umiwas sa panlilinlang, at espirituwal na umasa sa sarili. Kapag ipinahiwatig ng Espiritu Santo, itanong sa mga mag-aaral kung ano ang nadarama nila at ano sa pakiramdam nila ang dapat nilang gawin. Tulungan silang iugnay ang kanilang mga espirituwal na damdamin sa impluwensya ng Espiritu Santo.

***Tanong na pagninilayan.*** Paano ko malalaman na naroon ang Espiritu habang nagtuturo ako?

***Halimbawa sa scriptures.*** Paano ko magagamit ang Mga Taga Galacia 5:22–23; Moroni 7:13; at Doktrina at mga Tipan 8:2–3 para makilala ng mga miyembro ng klase ang impluwensya ng Espiritu Santo?

1. *Gospel Doctrine,* Ika-5 ed. (1939), 206.

### PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito. Huwag tangkaing ituro ang lahat sa isang miting.

***Magpraktis.*** Kung naaangkop, magpabahagi sa mga guro ng anumang espirituwal na impresyong natanggap nila sa talakayang ito. Ano ang gagawin nila para magabayan ng Espiritu sa susunod na magturo sila? Sa susunod na teacher council meeting, ipabahagi sa kanila ang kanilang mga karanasan.

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

## Espirituwal na Ihanda ang Iyong Sarili

Bilang paghahanda para sa ministeryo Niya sa lupa, ang Tagapagligtas ay "inakay ng Espiritu" na mag-ayuno, manalangin, at "makasama ang Diyos" (Joseph Smith Translation, Matthew 4:1 [sa Mateo 4:1, footnote *b*]). Ang mabisang pagtuturo ng ebanghelyo ay hindi lang paghahanda ng lesson kundi paghahanda rin ng ating sarili. Dahil ang Espiritu ang tunay na guro at tunay na pinagmumulan ng pagbabalik-loob, ang epektibong mga guro ng ebanghelyo—bago nila isiping punuin ang oras ng klase—ay pinagtutuunang puspusin ang kanilang puso ng Espiritu Santo.

### "PAPAGYAMANIN . . . ANG MGA SALITA NG BUHAY"

Sa mapanalanging pag-aaral ng mga salita ng Diyos tayo ay inaayon sa Espiritu Santo. Sa gayon ay mabibigyang-inspirasyon Niya tayo upang maalala natin ang ating pinag-aralan habang tayo ay nagtuturo at tumutulong sa iba. Dahil dito, makabubuting masigasig na pag-aralan ang scriptures at mga salita ng mga propeta *bago* basahin ang mga suplementong materyal sa pagpaplano ng lesson. Ipinangako ng Panginoon na kung ating "papagyamanin sa [ating] mga isipan tuwina ang mga salita ng buhay, . . . ibibigay ito sa [atin] sa oras na iyon" kung ano ang ating sasabihin at paano tayo magtuturo (D at T 84:85).

***Mga tanong na pagninilayan.*** Ano ang ibig sabihin ng "papagyamanin" ang scriptures sa aking isipan? Kailan ko nadama na isang yaman sa akin ang isang scripture?

***Halimbawa sa scriptures.*** Noong nais malaman ni Hyrum Smith kung paano siya makakabahagi sa gawain ng Panunumbalik, tumugon ang Panginoon sa paghahayag na nakatala sa Doktrina at mga Tipan 11 (tingnan din sa D at T 23:3). Anong payo ang makikita ko roon na angkop sa akin bilang guro?

### MAGHANGAD NG PAGHAHAYAG ARAW-ARAW

Ang paghahayag ay dumarating nang "taludtod sa taludtod" (2 Nephi 28:30), hindi nang biglaan. Kaya makabubuti na magsimulang maghanda isang linggo man lang bago magturo. Habang pinag-iisipan mong mabuti kung paano mapagpapapala ng mga alituntunin ng ebanghelyo na itinuturo mo ang mga miyembro ng klase, darating sa iyo ang mga ideya at impresyon araw-araw—habang papunta ka sa trabaho, gumagawa ng mga gawaing-bahay, o nakikipag-ugnayan sa pamilya at mga kaibigan. Huwag isipin na ang espirituwal na paghahanda ay isang bagay na pag-uukulan mo ng oras kundi isang bagay na palagi mong ginagawa.

***Tanong na pagninilayan.*** Ano ang magagawa ko para mas makatanggap ng espirituwal na patnubay araw-araw?

***Halimbawa sa scriptures.*** Anong mga aral sa ebanghelyo ang nakita ng Tagapagligtas sa araw-araw Niyang ginagawa? (tingnan, halimbawa, sa Mateo 13:1–23; Juan 4:6–14).

Tingnan din sa David A. Bednar, "Mabilis Magmasid," *Liahona,* Dis. 2006, 15–20.

### ITALA ANG MGA IMPRESYON

Kapag dumating ang mga ideya at impresyon tungkol sa isang lesson, humanap ng paraan para maitala ang mga ito upang maalala mo at mabalikan kalaunan. Maaari kang magdala ng notebook, maliliit na card, o ng electronic device para maitala mo kaagad ang mga impresyon, habang "napasa Espiritu pa" (D at T 76:80, 113). Kapag nagtatala ka ng mga espirituwal na impresyon, ipinapakita mo sa Panginoon na pinahahalagahan mo ang Kanyang patnubay, at dadalasan Niya ang pagbibigay sa iyo ng paghahayag.

Hikayatin ang mga tinuturuan mo na isulat din ang kanilang mga impresyon. Maaaring hikayatin ang mga bata na ibahagi ang kanilang mga ideya at karanasan sa kanilang mga magulang o kapatid. Ipinangako ni Elder Richard G. Scott: "Ang kaalamang naitala nang husto ay kaalamang magagamit sa oras ng pangangailangan. . . . [Ang pagtatala ng mga espirituwal na patnubay] ay nagpapaibayo sa pagkakataon mong tumanggap ng dagdag na liwanag."[1]

***Tanong na pagninilayan.*** Anong mga pamamaraan ng pagtatala ng mga espirituwal na impresyon ang pinakaakma sa akin?

***Halimbawa sa scriptures.*** Nang bisitahin ng Tagapagligtas ang mga Nephita, hiniling Niyang makita ang kanilang mga talaan. Ano ang natutuhan ko sa sinabi Niya sa 3 Nephi 23:7–14 tungkol sa kahalagahan ng pagtatala ng inspirasyong natatanggap ko?

1. Richard G. Scott, "Acquiring Spiritual Knowledge," *Ensign,* Nob. 1993, 88.

### PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito. Halimbawa, maaari mong ipabahagi sa kanila ang anumang mga impresyong natanggap nila nang pag-aralan nila ang mga halimbawa sa scriptures.

***Mag-anyaya.*** Ipatala sa mga guro ang mga espirituwal na impresyong natatanggap nila habang naghahanda sila para sa susunod na pagkakataon nilang magturo—kabilang na ang mga pagkakataon sa kanilang tahanan at pamilya. Sa susunod na teacher council meeting, ipabahagi sa kanila sa isa't isa ang kanilang itinala, kung naaangkop.

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

## Ipamuhay ang Ebanghelyo ni Jesucristo

Ang Tagapagligtas, ang Dalubhasang Guro, ang perpektong halimbawa ng pagsunod sa Kanyang Ama. Upang maging isang guro na katulad ni Cristo, ang pinakamahalagang bagay marahil na magagawa mo ay sundin ang halimbawa ng pagsunod ng Tagapagligtas at ipamuhay ang ebanghelyo nang buong puso—sa tahanan, sa Simbahan, at saanman. Ito ang pangunahing paraan para maging karapat-dapat sa patnubay ng Espiritu Santo. Hindi mo kailangang maging perpekto, magsikap lang nang masigasig—at hangaring mapatawad sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas kapag nagkamali ka. Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer, "Dumarating ang kapangyarihan kapag nagawa ng guro ang lahat para makapaghanda, hindi lamang sa bawat lesson, kundi sa pag-aayon ng kanyang buhay sa Espiritu."[1]

### TULARAN ANG BUHAY NG TAGAPAGLIGTAS

Makakatulong na pag-aralan ang mga paraan ng pagtuturo ng Tagapagligtas—ang mga pamamaraang ginamit Niya at ang mga bagay na sinabi Niya. Ngunit ang kapangyarihan ng Tagapagligtas na turuan at tulungan ang iba ay nagmula sa paraan ng Kanyang pamumuhay at sa uri ng Kanyang pagkatao. Habang mas masigasig mong sinisikap na *mamuhay* na katulad ni Jesucristo, mas makakaya mong *magturo* na katulad Niya.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Habang iniisip ko ang mga gurong nagkaroon ng impluwensya sa buhay ko, anong mga katangiang katulad ng kay Cristo ang napapansin ko sa kanila? Anong mga katangiang katulad ng kay Cristo ang nadarama ko na dapat kong taglayin nang mas lubusan? (Para sa isang aktibidad sa pagsusuri sa sarili, tingnan sa "Pagpapahusay Bilang Isang Guro na Katulad ni Cristo" sa resource na ito.)

***Halimbawa sa scriptures:*** nakalista sa Doktrina at mga Tipan 4:5–6 ang mga katangiang kailangan para maging karapat-dapat tayong maglingkod sa gawain ng Panginoon. Paano inihalimbawa ng Tagapagligtas ang mga katangiang ito? Paano ako magkakaroon ng mga ito?

### MAGING BUHAY NA PATOTOO

"Itinuturo mo kung sino ka," pagtuturo ni Elder Neal A. Maxwell. "Mas maaalala ang mga katangian mo . . . kaysa sa isang partikular na katotohanan sa isang partikular na lesson. Iyon ang nararapat, sapagkat kung seryoso tayo sa ating pagkadisipulo, makikita ito."[2] Kapag gusto mong magturo tungkol sa pagpapatawad, sikaping patawarin ang mga taong nakasakit sa damdamin mo. Kapag gusto mong magturo tungkol sa panalangin, tiyakin na palagian at makabuluhan ang sarili mong mga panalangin. Ang personal mong karanasan ay magbibigay sa iyo ng malakas na patotoo tungkol sa mga alituntuning itinuturo mo. Dahil ipinamumuhay mo ang mga ito, mapapatotohanan ng Espiritu Santo na totoo ang itinuturo mo. At



### PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito. Halimbawa, maaari mong itanong, "Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng maging isang buhay na patotoo?"

***Mag-anyaya.*** Sabihin sa mga guro na bigyang-pansin ang mga espirituwal na impresyong natatanggap nila sa talakayang ito. Ipaisip sa kanila kung ano ang sinasabi sa kanila ng Espiritu na dapat nilang gawin para maipamuhay nang mas lubusan ang ebanghelyo ni Jesucristo. Hikayatin silang itala ang mga pahiwatig na iyon at kumilos ayon dito.

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.



makikita ng mga taong tinuturuan mo ang mga pagpapala ng pamumuhay ng ebanghelyo sa buhay mo.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Anong mga alituntunin ng ebanghelyo ang ituturo ko sa susunod na ilang linggo? Ano ang magagawa ko para maipamuhay nang mas lubusan ang mga alituntuning iyon?

***Halimbawa sa scriptures.*** Sa Huling Hapunan, nagtalo ang mga disipulo kung sino sa kanila ang pinakadakila (tingnan sa Lucas 22:14, 24–27). Paano sila tinuruan ng Tagapagligtas tungkol sa tunay na kadakilaan? (tingnan sa Juan 13:1–17).

Tingnan din sa video na "Living the Gospel Brings Power" (LDS.org).

**MAGSISI**

Sa pagsisikap mong mamuhay at magturo nang higit na katulad ng Tagapagligtas, hindi mo maiiwasang magkulang kung minsan. Huwag mawalan ng pag-asa; sa halip, hayaang ibaling ka ng iyong mga pagkakamali at kahinaan sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas. Humugot ng lakas sa Pagbabayad-sala ni Cristo. Tandaan na ang pagsisisi ay hindi lamang para iwasto ang mabibigat na kasalanan. Ito ang proseso ng paggawa ng mga pagbabagong kailangan upang maging higit na katulad ng Ama sa Langit at ng Tagapagligtas bawat araw. Sa huli, ito mismo ang sinusubukan mong ipagawa sa mga miyembro ng klase mo.

***Tanong na pagninilayan.*** Habang sinusuri ko ang buhay ko, anong mga pagbabago ang ipinahihiwatig sa akin ng Espiritu na gawin upang maging higit na katulad ni Jesucristo?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ko tungkol sa kaugnayan ng pagsisisi at pagtuturo mula sa sinabi ni Ammon sa Alma 26:21–22?

1. Boyd K. Packer, *Teach Ye Diligently* (1975), 306.
2. Neal A. Maxwell, "But a Few Days" (mensaheng ibinigay sa mga religious educator ng Church Educational System, Set. 10, 1982), 2, si.lds.org.

## Gawing Kaaya-aya ang Lugar para Maanyayahan ang Espiritu

Isipin ang ilan sa mga lugar kung saan nagturo ang Tagapagligtas—sa Dagat ng Galilea, sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, sa mga templo sa Jerusalem at Masagana [Bountiful]. Paano naging angkop ang mga lugar na ito sa pagtuturong ginawa roon ng Tagapagligtas? Bilang guro sa mga klase tuwing Linggo o mga quorum meeting, maaari ninyong madama na hindi mo gaanong kontrolado ang lugar na pinagtuturuan mo. Ngunit marami kang magagawa—kapwa sa pisikal na lugar at sa espirituwal na kapaligiran—upang maanyayahan ang Espiritu sa inyong silid-aralan.

### IHANDA ANG PISIKAL NA KAPALIGIRAN

Bagama't maaari tayong turuan ng Espiritu saan man tayo naroon, malaki ang epekto ng ating kapaligiran sa kakayahan nating matuto at madama ang katotohanan. Bigyang-pansin ang nadarama mo pagpasok mo sa inyong silid-aralan. Maayos at malinis ba ito? Pinadali ba ng pagkakaayos ng mga upuan ang pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa iyo at sa isa't isa? Naririnig ba ng lahat ang pagsasalita mo at ng iba pang mga miyembro ng klase? May mga nakagagambala ba sa silid na maaaring mas magpahirap sa mga mag-aaral na madama ang Espiritu?

Bukod pa sa pag-aalis ng potensyal na mga panggagambala, isipin kung ano ang maidaragdag mo sa silid para maanyayahan ang Espiritu. Halimbawa, ang prelude music (pati na ang nakarekord na mga himno o iba pang mapitagang musika) ay makakahikayat ng mapitagang saloobin pagdating ng mga miyembro ng klase. Ang mga larawan at visual display—maliban pa sa pagiging epektibong mga tulong sa pagtuturo—ay makalilikha ng magiliw at kaaya-ayang kapaligiran.

Maaari kang magpatulong sa isang miyembro ng Sunday School presidency o iba pang auxiliary leader na ayusin ang mga upuan sa inyong silid-aralan. Tutulutan ka nitong magtuon ng pansin sa mga miyembro ng klase.

Matapos mong magawa ang lahat ng makakaya mo sa paglikha ng tamang kapaligiran para sa pagtuturo, tandaan na ang pagtuturo ng dalisay na doktrina ay magagawang lugar para sa espirituwal na pagkatuto ang kahit anong pisikal na kapaligiran.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Anong mga tampok sa aking silid-aralan ang lilikha ng kapaligirang paroroonan ng Espiritu? Ano kayang mga pagbabago ang kailangan kong gawin sa aking silid-aralan?

***Halimbawa sa scriptures.*** Paano naaangkop ang mga tagubilin ng Panginoon na magtayo ng "isang bahay ng pagkakatuto" at "isang bahay ng kaayusan" (tingnan sa D at T 88:119–20) sa calling ko bilang guro?

### MAGTAGUYOD NG ISANG KAPALIGIRANG PUSPOS NG PAGMAMAHAL

May ilang bagay na nag-aanyaya sa Espiritu na hindi nahahawakan—ang saloobin ng mga mag-aaral, ang pakikitungo nila sa isa't isa, at ang nadarama nila tungkol sa ebanghelyo. Ipaunawa sa mga miyembro ng klase mo na naaapektuhan ng bawat isa sa kanila ang nadarama ng klase. Hikayatin sila na tulungan kang magtaguyod ng tapat, mapagmahal, at magalang na kapaligiran upang madama ng lahat na ligtas nilang maibabahagi ang kanilang mga karanasan, tanong, at patotoo.

Malaki ang impluwensya ng iyong halimbawa sa saloobin ng mga mag-aaral, lalo na kung mga kabataan at mga bata ang tinuturuan mo. Salubungin ang mga miyembro ng klase nang may totoong ngiti at pakikipagkamay pagdating nila. Sa pananalita at kilos, ipakita sa kanila na mahal mo ang ebanghelyo at na nagmamalasakit ka sa kanilang espirituwal na paglago.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Ano ang magagawa ng mga miyembro ng klase ko upang matiyak na nadarama ng lahat na sila ay tanggap at komportable sa aming kapaligiran sa pag-aaral? May kailangan ba akong gawin para maging mas mabuting halimbawa?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang ginawa ng Tagapagligtas upang tulungan ang Kanyang mga disipulo na matutong "mangagibigan sa isa't isa"? (Juan 13:34).

### PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito.

***Magpraktis.*** Anyayahan ang mga guro na gamitin ang mga ideyang tulad ng nasa bahaging ito para lumikha ng isang magiliw at kaaya-ayang kapaligiran sa silid na pinagpupulungan ninyo. Maaari kang magtalaga ng isang guro na mamamahala sa paghahanda ng silid para sa susunod na teacher council meeting.

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

## Samantalahin ang Kusang Dumarating na mga Sandali para Makapagturo

Karamihan sa pagtuturo ng Tagapagligtas ay hindi nangyari sa isang sinagoga kundi sa mga di pormal at araw-araw na tagpo—habang kumakain sila ng Kanyang mga disipulo, sumasalok Siya ng tubig sa isang balon, o dumaraan sa isang puno ng igos. Kahit Linggo mo lang nakakasama ang mga miyembro ng klase mo, abangan ang mga tanda na handa na silang matuto—kahit ng isang bagay na hindi mo planong ituro.

### MAGING LAGING HANDA

Ang di pormal na mga sandali para makapagturo ay mabilis na lumilipas, kaya mahalagang samantalahin ang mga ito kapag dumating. Halimbawa, ang isang puna ng isang miyembro ng klase tungkol sa isang bagong pelikula na may masamang mensahe ay maaaring maging isang pagkakataon, ayon sa patnubay ng Espiritu, para ihambing ang mga pamantayan ng Panginoon sa mga pamamaraan ng mundo. Ang isang bagyo ay maaaring maging isang pagkakataon para pag-usapan kung paano tayo pinangangalagaan ng ebanghelyo mula sa maraming unos ng buhay. Ang mga pag-uusap na ito ay pinakaepektibo pagdating mismo ng pagkakataon, hindi sa susunod na pagkakataon na lilitaw ang paksa sa isang manwal. Dahil hindi inaasahan ang mga sandaling ito, hindi mo ito mapaghahandaan na tulad ng paghahanda mo para sa isang lesson. Gayunman, maaari mong ihanda ang *iyong sarili* sa pamamagitan ng pagiging "lagi[ng] . . . handa" (I Ni Pedro 3:15) at sensitibo sa Espiritu. Hindi itinuring ng Tagapagligtas na isang tungkulin ang pagtuturo na ginampanan Niya nang minsan sa isang linggo; sa halip, ang pagiging guro ay bahagi ng Kanyang pagkatao. Kung itinuturing mong guro ng ebanghelyo ang sarili mo sa lahat ng pagkakataon, kaya mong gawing sandali para makapagturo ang anumang sandali.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Ano ang mga pagkakataon kong magturo na maaaring labas na sa nakaplanong lesson? Ano ang magagawa ko para lagi akong handang samantalahin ang gayong mga sandali?

***Halimbawa sa scriptures.*** Paano naaangkop sa akin ang sinabi ni Alma tungkol sa pagtayo bilang saksi "sa lahat ng panahon" at "sa lahat ng lugar" (Mosias 18:9) bilang guro? (tingnan din sa D at T 84:85).

### MAGING MAPAGMASID

Habang nagtutuon ka ng pansin sa nangyayari sa buhay ng mga miyembro ng klase mo, makakahanap ka ng magagandang pagkakataong magturo. Halimbawa, ang isang tinedyer na gumagawa ng mahirap na desisyon ay maaaring handang matuto tungkol sa kung paano makatanggap ng personal na paghahayag, o ang isang bata na may kinatatakutan ay maaaring handang matuto tungkol sa Espiritu Santo bilang Mang-aaliw. Maaari ding maging sandali para makapagturo ang mga puna o tanong ng mga mag-aaral.

***Tanong na pagninilayan.*** Kailan ako napagpala ng isang kapamilya o guro na nakapansin na handa akong matuto ng isang bagay?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang napansin ng Tagapagligtas sa mga Fariseo at eskriba na naghikayat sa Kanya na ituro sa kanila ang mga talinghaga sa Lucas 15? (tingnan sa mga talata 1–2).

### MAGING AVAILABLE AT ACCESSIBLE

Ang ilan sa pinakamagagandang sandali para makapagturo ay nagsisimula sa isang tanong o problema na nasa puso ng isang miyembro ng klase. Gayunman, kung tila masyado kang abala, mapanghusga, o nakatuon sa pagtuturo ng inihanda mong materyal, maaaring hindi maging komportable ang mga tinuturuan mo na ipaalam sa iyo ang kanilang mga tanong o problema. Maging handang isantabi ang naiplano mo, ayon sa pahiwatig ng Espiritu, at pakinggan ang mga problema ng mga miyembro ng klase. Ipaalam sa kanila sa iyong mga pananalita at kilos na sabik kang marinig ang mga ito.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Alam ba ng mga tinuturuan ko na interesado ako sa kanilang mga tanong? Paano ko mas maipapakita ang aking interes?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ko mula sa Marcos 5:22–34; 6:30–44; at 3 Nephi 17 tungkol sa kahandaan ng Tagapagligtas na turuan at pagpalain ang mga tao kapag kailangan nila ang tulong Niya?

### PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo. Ang ilan sa pinakamagagandang sandali para makapagturo ay maaaring dumating sa bahaging ito ng miting.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito.

***Magpraktis.*** Magpalista sa mga guro ng mga karaniwang aktibidad na ginawa nila sa nakaraang linggo (tulad ng pagtapos sa mga gawaing-bahay, pakikipaglaro sa mga kapamilya, panonood ng pelikula o isports, o pamimili ng groceries). Ipatalakay sa kanila kung paano magagamit ang mga aktibidad na ito bilang mga pagkakataong magturo.

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

## Gumawa ng Plano

Iniutos ng Diyos, "Isaayos ang inyong sarili; ihanda ang bawat kinakailangang bagay" (D at T 88:119). Ang pagbuo ng teaching plan bago ka magturo ay makakatulong sa iyo na matukoy ang mga alituntunin ng ebanghelyo na sa pakiramdam mo ay tutugon nang husto sa pangangailangan ng mga mag-aaral at tutukoy sa mga resource na sumusuporta sa mga alituntuning iyon. Matutulutan din nito ang Espiritu na patnubayan ka nang hindi mo kailangang magmadali. Dahil nagawa mo ito nang maaga, mas makakatuon ka sa iyong mga mag-aaral habang nagtuturo ka, kaysa sa susunod mong sasabihin. Mas magiging handa ka ring tumugon sa mga espiririttuwal na pahiwatig na iangkop ang iyong mga plano kung kailangan.

### MAGTUON SA MGA ALITUNTUNING MAGPAPALA SA IYONG MGA MAG-AARAL

Dapat mong ituon ang iyong teaching plan sa pangangailangan ng mga taong tinuturuan mo at sa mga alituntunin ng ebanghelyo na tutugon sa mga pangangailangang iyon. Habang mapanalangin mong pinag-aaralan ang mga scripture passage at mga turo ng mga propeta na itinakdang ituro mo, itanong sa iyong sarili, "Ano ang natagpuan ko rito na magiging makabuluhan lalo na sa mga miyembro ng klase ko?" Halimbawa, kung nagtuturo ka tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maaari mong madama na nahihirapan ang ilang miyembro ng klase na patawarin ang sarili nila kahit nakapagsisi na sila. Maaari mong madama na ibahagi sa kanila ang pangako sa Isaias 1:18: "Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe."

Hayaang gabayan ng Espiritu ang iyong pagpaplano. Aakayin ka Niya sa mga scripture passage, mga turo ng mga propeta, at mga ideya sa lesson manual na magiging makabuluhan sa mga miyembro ng klase sa mga paraang hindi mo inaasahan.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Anong mga alituntunin ang ituturo ko sa darating na mga lesson? Alin sa mga alituntuning ito ang nadarama kong higit na tutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase ko?

***Halimbawa sa Scriptures:*** Ang Alma 39–42 ay naglalaman ng payo ni Alma sa kanyang anak na si Corianton. Ano ang nahiwatigan ni Alma na mga pangangailangan ng kanyang anak? Anong mga alituntunin ang nadama niyang ituro? Ano ang matututuhan ko sa halimbawa ni Alma?

### MAGHANAP NG MGA RESOURCE NA SUMUSUPORTA SA MGA ALITUNTUNIN

Habang ginagawa mo ang iyong teaching plan, maghanap ng mga paraan para maipaunawa sa mga mag-aaral ang mga alituntunin ng ebanghelyo na plano mong talakayin. Ang scriptures at ang mga salita ng mga buhay na propeta ang mga pangunahin mong resource—basahin ang mga ito bago puntahan ang suplementong materyal. Anong mga talata ang tumutulong para maituro ang alituntunin? Tinalakay ba ang alituntunin sa isang mensahe sa huling pangkalahatang kumperensya? Ano ang mga bagay na maaari mong itanong na makakatulong sa mga mag-aaral na pagnilayan at ipamuhay ang alituntunin? May iba pa bang mga resource na makakasuporta sa alituntunin—mga kuwento, object lesson, larawan, video, himno, o awiting pambata? Maraming gayong mga resource ang iminungkahi sa mga curriculum material ng Simbahan, sa





mga magasin ng Simbahan, o sa LDS.org. Para sa bawat alituntuning ituturo mo, maglista ng ilang tanong at sumusuportang mga resource na magagamit mo. Maaaring hindi kailangan—o posible—na gamitin ang lahat ng ito, ngunit makabubuti na maging handang gamitin ang mga ito kung sakali.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Anong mga resource ang nakita kong ginamit ng ibang mga guro upang mabisang maituro ang isang alituntunin ng ebanghelyo? Anong mga resource ang magagamit ko?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang hinangaan ko sa paraan ng paglilinaw ng Tagapagligtas sa isang alituntunin sa Lucas 10:25–37?

Tingnan din sa bahaging "Gumamit ng Musika, mga Kuwento, at Sining upang Magturo ng Doktrina" sa resource na ito.

### MAGING HANDANG MAG-ANGKOP

Ang mapanalanging paghahanda at organisadong mga lesson plan ay labis na magpapala sa mga estudyante mo, ngunit dapat ay handa kang iangkop ang lesson plan mo sa oras ng klase ayon sa patnubay ng Espiritu. Pansining mabuti ang mga puna at tanong ng mga tinuturuan mo; maaari kang pahiwatigan ng Espiritu na mag-ukol ng mas maraming oras sa isang alituntunin kaysa sa plano mo o talakayin ang isang problemang hindi kasama sa lesson plan mo.

Tandaan na ang espirituwal na paglago ng mga taong tinuturuan mo ay mas mahalaga kaysa paglalahad ng lahat ng ipinlano mo. At karamihan sa espirituwal na paglagong iyon ay mangyayari sa labas ng silid-aralan. Magplano ng mga tanong na naghihikayat sa mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang natutuhan sa kanilang sarili at sa kanilang pamilya. Kapag mas masigasig kang nag-aral nang maaga, magiging mas handa kang mag-angkop at sumuporta sa mga pangangailangan ng mga tao.

***Tanong na pagninilayan.*** Ano ang magagawa ko upang matiyak na nasusunod ko ang mga pahiwatig ng Espiritu habang nagtuturo ako?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ko mula sa Doktrina at mga Tipan 11:21 tungkol sa papel na ginagampanan ng Espiritu sa pagtuturo?

### MGA IDEYA SA PAGTUTURO

Habang gumagawa ka ng plano, isipin mo kung ano ang ipagagawa mo sa mga miyembro ng klase para matuto sila mula sa scriptures at sa mga salita ng mga propeta sa mga huling araw. Nasa ilalim ang ilang ideyang magagamit mo sa halos lahat ng talata o paksa sa scriptures. Matatagpuan ang iba pang mga ideya sa mga curriculum material ng Simbahan. Gayunman, ang pinakamagagandang ideya ay kadalasang darating sa iyo sa pamamagitan ng Espiritu kapag inisip mo ang mga pangangailangan ng mga tinuturuan mo.

Ang mga miyembro ng klase ay maaaring:

- Gumawa ng listahan ng mga alituntunin o katotohanang natagpuan nila sa isang scripture passage. Anong mga salita, parirala, at halimbawa sa mga talatang ito ang nagpapaunawa sa kanila sa mga alituntuning iyon?
- Maghanap ng mga sagot sa mga tanong sa isang scripture passage o mensahe sa pangkalahatang kumperensya.
- Ibahagi kung paano nila ituturo ang isang alituntunin sa kanilang pamilya o mga kaibigan. Paano nila ituturo ang alituntunin sa isang bata? Sa isang taong iba ang relihiyon?
- Paghambingin ang dalawa o mahigit pang mga kuwento o scripture passage. Ano ang mga nabatid nila sa paghahambing na ito?
- Maghanap at kumanta ng mga himno tungkol sa isang alituntunin ng ebanghelyo.
- Ibuod ang isang scripture passage sa sarili nilang mga salita.
- Itugma ang mga talata sa kaugnay na mga larawan. Paano nakakatulong ang mga larawang ito para mas maunawaan nila ang scripture passage?
- Isadula ang isang sitwasyong may kaugnayan sa isang alituntunin ng ebanghelyo.
- Manood ng mga media na gawa ng Simbahan na may kaugnayan sa alituntunin, tulad ng mga DVD o video clip na matatagpuan sa LDS.org.
- Ipaliwanag kung paano nauugnay ang isang larawan o bagay sa isang alituntunin ng ebanghelyo.

### HALIMBAWA NG TEACHING PLAN

Maraming paraan ng pagbuo ng isang teaching plan. Gamitin ang pinakamabisa para sa iyo at sa mga taong tinuturuan mo. Nasa ibaba ang isang posibleng pamamaraan.

***Mag-anyaya ng pagbabahagi:*** Maaari kang magsimula sa paghihikayat sa mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga ideya at karanasan sa bawat isa. Maaari silang magbahagi ng mga nabatid nila habang nagbabasa ng scriptures, mga naranasan nila sa pamumuhay ng mga alituntuning itinuro sa scriptures, o mga tanong nila tungkol sa paksa sa linggong ito.

***Ituro ang doktrina:*** Isipin ang mga paraan na matutulungan mo ang mga miyembro ng klase na matuklasan ang mga katotohanan ng ebanghelyo sa kanilang sarili. Makakatulong kung maaga mong iaayos ang iyong mga ideya at materyal. Halimbawa, kung ang paksa mo ay panunumbalik ng priesthood, maaari mong gamitin ang pamamaraang ito:

| Mga alituntunin | Sumusuportang scriptures | Mga tanong | Mga tulong sa pagtuturo |
|---|---|---|---|
| Nang itatag Niya ang Kanyang Simbahan, binigyan ni Jesucristo ng awtoridad ng priesthood ang Kanyang mga Apostol. | Mateo 10:1; Mga Gawa 2:37–47; Sa Mga Hebreo 5:4 | Ano ang itinuro sa iyo ng mga talatang ito tungkol sa kahalagahan ng awtoridad ng priesthood? | Larawan ni Cristo na inoordenan ang Kanyang Labindalawang Apostol |
| Dahil sa talamak na kasamaan, kabilang na ang pagpatay sa marami sa mga Apostol, binawi ng Panginoon ang awtoridad ng priesthood mula sa daigdig. | Amos 8:11–12; Mateo 24:9–11; Mga Gawa 20:29–30; II Mga Taga Tesalonica 2:1–4; Mormon 1:13–14 | Anong mga katibayan ng Apostasiya ang nakita mo sa mundo? | Analohiya: Kunwari'y nasa isang silid ka na naliliwanagan ng 12 ilaw at isa-isang pinatay ang mga ilaw. Paano ito nauugnay sa mga Apostol at sa pagkawala ng awtoridad ng priesthood? |
| Ang priesthood ay ipinanumbalik kay Joseph Smith ng mga taong humawak nito noong unang panahon. | D at T 13:1; 27:12–13; 110; Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–72 | Nang pag-aralan mo ang panunumbalik ng priesthood, ano ang naituro sa iyo ng Espiritu? | Video: "Restoration of the Priesthood" (LDS.org) |
| Ang mga pagpapala ng priesthood ay natatanggap na ngayon ng lahat. | D at T 1:20; 84:19–20 | Paano napagpala ng priesthood ang buong pamilya mo? | "O, Makinig Lahat ng Bansa!" *Mga Himno,* blg. 165 |

***Maghikayat ng pagsasabuhay:*** Sa isang punto ng lesson, hikayatin ang mga miyembro ng klase na pag-isipan ang mga espiritual na pakiramdan nila habang nagkaklase at ang nadarama nilang gawin dahil sa natutuhan nila.

***Maghikayat ng karagdagang pag-aaral:*** Madalas ay nakakatulong na ipaalam sa mga miyembro ng klase ang tatalakayin nila sa susunod na linggo at anyayahan silang maghanda nang maaga para dito sa bahay nila.

### PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito.

***Magpraktis.*** Bilang isang grupo, magtulungan sa paggawa ng sample plan para sa darating na lesson, na sumasangguni sa mga angkop na teaching manual. Maaari mong gamitin ang sample plan o ang ibang plano sa bahaging ito. Pagawin ng lesson plan ang mga guro para sa susunod nilang lesson at ipadala ito sa susunod na teacher council meeting para makatanggap ng feedback mula sa iba pang mga guro.

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

# Ituro ang Doktrina

(*Handbook 2: Administering the Church* [2010], 5.5.4)

Sabi ng Tagapagligtas, "Ang turo ko ay hindi akin, kundi doon sa nagsugo sa akin" (Juan 7:16). Ang doktrina ng Ama ay binubuo ng mga walang-hanggang katotohanan, na kapag palaging ipinamuhay, ay humahantong sa kadakilaan. Ang pinakabuod ng mga katotohanang ito ay ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at ang mahalagang ginagampanan nito sa plano ng kaligtasan. Inutusan tayo ng Tagapagligtas na "turuan ninyo ang isa't isa ng doktrina ng kaharian" (D at T 88:77). Kapag ginagawa natin ito, pinatototohanan ng Espiritu Santo ang katotohanan ng doktrina at binibigyang-inspirasyon ang mga tao na ipamuhay ito. Hindi nagbabago ang doktrina—sa halip, binabago tayo nito, at binabago nito ang mga tinuturuan natin.

## ISENTRO ANG PAGTUTURO MO SA DOKTRINA NI CRISTO

Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer, "Ang tunay na doktrina, kapag naunawaan, ay nagpapabago ng asal at paguugali."[1] Bilang guro ng ebanghelyo, makapagtitiwala ka na "ang bisa ng salita ng Diyos" ay may "higit [na] malakas na bisa sa isipan ng mga tao kaysa sa . . . ano pa mang bagay" (Alma 31:5). Kung nakatuon ka lang sa pag-aliw sa mga mag-aaral o sa pananatili nilang abala, maaari mong makaligtaang ituro ang mga walang-hanggang katotohanan na tutulong sa mga mag-aaral na gumawa ng mga makabuluhang pagbabago sa kanilang buhay.

Ang isang paraan para matiyak na totoong doktrina ang itinuturo mo ay ang isipin kung paano nauugnay ang itinuturo mo sa doktrina ni Cristo, na ibinuod sa 2 Nephi 31 at 3 Nephi 27:16–21 at matatagpuan sa buong scriptures. Patuloy na itanong sa iyong sarili, "Paano matutulungan ng mga itinuturo ko ang mga miyembro ng klase ko na mapatatag ang kanilang pananampalataya kay Cristo, magsisi, gumawa at tumupad ng mga tipan sa Diyos, at matanggap ang Espiritu Santo?"


***Mga tanong na pagninilayan.*** Paano mapagpapala ang mga tinuturuan ko kapag ipinamuhay nila ang doktrina ni Cristo? (tingnan sa 3 Nephi 27:16–21). Ano ang magiging mga walang-hanggang bunga kung hindi nila ipamumuhay ang doktrina ni Cristo?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ayon sa Mosias 5:2–5, ano ang nagpabago sa mga tao ni Haring Benjamin? Ano ang itinuro ni Haring Benjamin sa kanila? (tingnan sa Mosias 2–5). Paano nauugnay ang mga bagay na itinuro ni Haring Benjamin sa doktrina ni Cristo?

## MAGTURO AYON SA KONTEKSTO NG PLANO NG KALIGTASAN

Kung minsan, ang mga mag-aaral—lalo na ang mga kabataan—ay nagtataka kung paano nauugnay ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa kanila o bakit nila dapat sundin ang ilang utos. Gayunman, kung nauunawaan nila ang walang-hanggang plano ng Ama sa Langit para sa kaligayahan ng Kanyang mga anak, mas lumilinaw ang mga dahilan para sa mga alituntunin ng ebanghelyo at mga kautusan at mas nagaganyak silang sumunod. Halimbawa, ang isang taong nakakaunawa sa doktrina ng walang-hanggang kasal at sa ating potensyal na maging katulad ng Ama sa Langit ay may mas mabigat na dahilan para sundin ang batas ng kalinisang-puri na mas makapangyarihan kaysa sa hangaring iwasan ang pagbubuntis o pagkakasakit na hindi niya gusto.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Anong mga alituntunin ang ituturo ko sa



darating na mga lesson? Paano ko matutulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang mga alituntuning ito ayon sa konteksto ng plano ng kaligtasan?

***Halimbawa sa scriptures.*** Itinuro ni Alma na binigyan ng Diyos ng mga utos ang Kanyang mga tao matapos ituro sa kanila ang "plano ng pagtubos" (tingnan sa Alma 12:32). Paano ko magagamit ang huwarang ito sa pagtuturo ko?

## GAMITIN ANG SCRIPTURES AT ANG MGA SALITA NG MGA PROPETA SA MGA HULING ARAW

Inutusan tayo ng Panginoon na "turuan ninyo ang isa't isa ng doktrina ng kaharian" (D at T 88:77) at gamitin ang mga banal na kasulatan upang "[magturo] ng mga alituntunin ng

### SUPORTAHAN ANG PAG-AARAL NG EBANGHELYO SA TAHANAN

Kung ang mga taong tinuturuan mo ay sa klase mo lang natututo ng mga doktrina ng ebanghelyo, hindi nila matatanggap ang espirituwal na pagkain na kailangan nila. Ang pinakamahalagang bagay na magagawa mo upang mapatatag ang pananampalataya ng mga mag-aaral at maging mas katulad sila ni Cristo ay bigyan sila ng inspirasyong matuto mula sa scriptures sa kanilang sarili at sa kanilang pamilya. Para sa mga ideya, tingnan sa "Suportahan ang Pag-aaral ng Ebanghelyo sa Tahanan" sa resource na ito.

[Kanyang] ebanghelyo" (D at T 42:12). Ang scriptures at mga salita ng mga propeta at apostol sa mga huling araw ang mapagkukunan ng mga katotohanang itinuturo natin. Sa bawat pagkakataon, bigyang-inspirasyon ang mga tinuturuan mo na bumaling sa salita ng Diyos para sa patnubay, mga sagot sa mga tanong, at tulong. Kung ang mga mag-aaral ay "magpa[pa]kabusog . . . sa mga salita ni Cristo," ang doktrina na matatagpuan nila roon ay "magsasabi sa [kanila] ng lahat ng bagay na dapat [nilang] gawin" (2 Nephi 32:3).

***Mga tanong na pagninilayan.*** Paano ko mabibigyang-inspirasyon ang mga tinuturuan ko na "magpakabusog" sa salita ng Diyos? Paano ko sila matutulungang gumamit ng mga footnote, Gabay sa mga Banal na Kasulatan, at iba pang mga tulong sa pag-aaral para mas maunawaaan ang scriptures?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang matatagpuan kong mga halimbawa ng paggamit ng Tagapagligtas ng scriptures sa pagtuturo at pagpapatotoo sa mga katotohanan ng ebanghelyo? (tingnan, halimbawa, sa Mateo 12:1–8 at Lucas 4:16–21).

### TULUNGAN ANG MGA MAG-AARAL NA IHALINTULAD ANG SCRIPTURES SA KANILANG SARILI

Sinabi ni Nephi, "Inihahalintulad ko sa amin ang lahat ng banal na kasulatan, upang ito ay maging para sa aming kapakinabangan at kaalaman" (1 Nephi 19:23). Ang mga katotohanang ito ng ebanghelyo na nagbigay-inspirasyon at nagpatibay kina Abraham, Esther, Lehi, at Joseph Smith ay makakatulong sa mga tinuturuan mo na harapin ang mga hamon ng ating panahon. Upang maihalintulad ng mga mag-aaral sa kanilang sarili ang scriptures, sabihin sa kanila na ipalit ang pangalan nila sa isang talata at pagnilayan kung paano nauugnay sa kanilang buhay ang isang salaysay sa scriptures.

***Tanong na pagninilayan.*** Anong scripture passages ang nagbigay sa akin ng kabatiran sa isang pakikibakang naranasan ko?

***Halimbawa sa scriptures.*** Paano inihalintulad ng Tagapagligtas ang scriptures sa mga taong tinuruan Niya? (tingnan, halimbawa, sa Lucas 4:24–32).

### TULUNGAN ANG MGA MAG-AARAL NA MAKAHANAP NG MGA KATOTOHANAN SA SCRIPTURES

Bago basahin ng mga mag-aaral ang isang scripture passage sa klase, isiping sabihin sa kanila na hanapin ang partikular na mga katotohanang itinuturo sa talata. Kung minsan, ang gayong mga katotohanan ay malinaw na ipinahayag, at kung minsan ay ipinahihiwatig lang ang mga ito. Halimbawa, masasabi mong, "Habang binabasa ninyo ang Doktrina at mga Tipan 11:12–14, hanapin ang mga katotohanang natututuhan ninyo tungkol sa Espiritu Santo."

***Tanong na pagninilayan.*** Ano ang magagawa ko upang matutuhan ng mga miyembro ng klase kung paano mahanap ang mga katotohanan ng ebanghelyo sa scriptures?

***Halimbawa sa scriptures.*** Bakit nais ng Tagapagligtas na saliksikin ng mga Nephita ang scriptures at basahin ang mga salita ng mga propeta? (tingnan sa 3 Nephi 23:1–5).

Tingnan din sa video na "Searching the Scriptures" (LDS.org).



### PATOTOHANAN ANG TUNAY NA DOKTRINA

Nagturo ang Tagapagligtas "tulad sa may kapamahalaan, at hindi gaya ng kanilang mga eskriba" (Mateo 7:29). Ang personal na patotoo ng Tagapagligtas ay nagbigay ng awtoridad sa Kanyang mga salita at tumulong sa mga tinuruan Niya na malaman na ang itinuturo Niya ay mga walang-hanggang katotohanan. Kapag nagpatotoo ka tungkol sa tunay na doktrina, pagtitibayin ng Espiritu ang katotohanan ng doktrina sa puso ng mga tinuturuan mo.

***Tanong na pagninilayan.*** Paano napalakas ng mabisang patotoo ng ibang tao ang aking patotoo?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ko sa halimbawa ni Alma ng pagpapatotoo sa katotohanan? (tingnan sa Alma 5:43–48).

1. Boyd K. Packer, "Huwag Matakot," *Ensign* or *Liahona,* Mayo 2004, 79.

## PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito. Huwag tangkaing ituro ang lahat sa isang miting.

***Magpraktis.*** Ipabahagi sa mga guro ang ilan sa mga paborito nilang scriptures. Talakayin ang iba't ibang paraan na maihahalintulad ang bawat scripture sa buhay ng mga mag-aaral.

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

## Gumamit ng Musika, mga Kuwento, at Sining upang Magturo ng Doktrina

Nang likhain ng Diyos ang daigdig, pinuno Niya ito ng iba't ibang mga hayop, halaman, at tanawin upang magkaroon ng kariktan at kagandahan ang ating buhay. Maghanap ng mga paraan na maiiba-iba mo ang mga pagsisikap mong ituro ang ebanghelyo. Ang paggawa nito ay magdaragdag ng kariktan at kagandahan sa karanasan ng mga mag-aaral, at tutulungan din kayo nitong maturuan ang mga mag-aaral na may iba-ibang pangangailangan. Isipin kung paano maaanyayahan ng paggamit ng musika, mga kuwento, mga larawan, at iba pang mga anyo ng sining ang Espiritu, mapapalinaw ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa mga paraang di-malilimot, at matutulungan ang mga mag-aaral na maiugnay ang ebanghelyo sa kanilang buhay. Tandaan na hindi dapat ituon ang lesson sa gayong mga resource, kundi mga kasangkapan lang ito na makakatulong sa iyo na ituro nang mas mabisa ang mga doktrina ng ebanghelyo.

### GUMAMIT NG MUSIKA UPANG ANYAYAHAN ANG ESPIRITU AT MAGTURO NG DOKTRINA

Sabi ng Unang Panguluhan, "Ang musika ay may walang hanggang kakayahan para sa paghimok [sa atin] tungo sa higit na espirituwalidad at pagmamahal sa ebanghelyo."[1] Ang pakikinig o pagkanta ng himno ay maaaring lumikha ng mapitagang pakiramdam at mag-anyaya sa Espiritu. Ang mga himno ay maaari ding makapagturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Halimbawa, ang "Ako'y Naniniwala kay Cristo" (*Mga Himno,* blg. 76) o ang Hallelujah Chorus ni George Frideric Handel ay makapagbibigay-inspirasyon sa talakayan tungkol sa mga banal na tungkulin at titulo ng Tagapagligtas. Isipin kung paano mo masasamahan ng musika ang mga lesson mo; halimbawa, maaari kang magpatugtog ng rekording ng isang himno o mag-anyaya ng isang pamilya o ilang batang Primary na kumanta sa klase mo.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Paano nakaapekto ang banal na musika sa aking patotoo? Paano nito mapagpapala ang mga tinuturuan ko?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang ilang posibleng dahilan ng pagkanta ng himno ni Jesus at ng Kanyang mga disipulo bago sila naglakbay patungong Getsemani? (tingnan sa Mateo 26:30; tingnan din sa Mga Taga Colosas 3:16; D at T 25:12).

### GUMAMIT NG MGA KUWENTO AT HALIMBAWA UPANG MAGTURO NG MGA ALITUNTUNIN NG EBANGHELYO

Ang Tagapagligtas ay madalas gumamit ng mga kuwento at talinghaga para maipaunawa sa Kanyang mga tagapakinig kung paano naaangkop ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang Kanyang mga turo ay sagana sa mga pagtukoy sa mga isda, binhi, susi, saro, at marami pang ibang pang-araw-araw na mga bagay. Habang naghahanda kang magturo, isipin ang mga halimbawa at kuwento mula sa sarili mong buhay at mula sa pang-araw-araw na buhay ng mga miyembro ng klase mo na maaaring magbigay-buhay sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Maaari mong talakayin, halimbawa, kung paano naging tulad ng isang kompas, flashlight, o maginhawang gamitin na kumot ang Espiritu Santo. Maaari ding pagandahin ng nakasisiglang mga sipi mula sa magagandang panitikan ang isang lesson. Hangga't maaari, sabihin nang madalas sa mga mag-aaral na magbahagi ng sarili nilang mga kuwento at karanasan.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Anong mga karanasan sa buhay ko ang nagpaunawa sa akin sa mga alituntunin ng ebanghelyo? Paano ko mahihikayat ang mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang mga karanasan?

***Halimbawa sa scriptures.*** Bakit gumamit ng mga talinghaga ang Tagapagligtas na tulad ng mga matatagpuan sa Mateo 13:44–48?

### GUMAMIT NG SINING UPANG MATAWAG ANG PANSIN NG MGA MAG-AARAL

Ang sining, pati na ang mga larawan, video, at dula, ay makakatawag ng pansin ng mga mag-aaral—lalo na ang mga visual learner—at lalo nilang hindi malilimutan ang mga salaysay sa scriptures. Ang sining na ginagamit mo ay hindi dapat maging mga palamuti lamang; dapat nitong maipaunawa sa mga mag-aaral ang mga doktrina ng ebanghelyo. Ang *Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* at ang LDS Media Library sa LDS.org ay naglalaman ng maraming imahe at video na makakatulong sa mga mag-aaral na maisalarawan sa kanilang isipan ang mga konsepto o pangyayari. Ang painting na *The Second Coming* ni Harry Anderson, halimbawa, ay makakatulong sa mga mag-aaral na pagnilayan kung ano ang madarama nila kapag bumalik na ang Tagapagligtas. Ang pagsasadula ng talinghaga tungkol sa alibughang anak ay makakatulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang ibig sabihin ng patawarin ang isang taong naligaw ng landas.

***Tanong na pagninilayan.*** Paano ko magagamit ang sining para mapaganda ang karanasan sa pag-aaral ng mga miyembro ng klase sa darating na mga lesson?

***Halimbawa sa scriptures.*** Paano gumamit ang Tagapagligtas ng mga imahe sa pagtuturo Niya? (tingnan, halimbawa, sa Mateo 6:28–30; 22:16–21; Marcos 12:41–44).

1. "Paunang Salita ng Unang Panguluhan," *Mga Himno,* viii.

#### PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito.

***Magpraktis.*** Upang maipamalas ang mga alituntuning itinuturo sa bahaging ito, maghanap ng mga paraan para makapagsama ng musika, mga kuwento, at sining sa inyong talakayan. Halimbawa, bago ang miting, maaari mong sabihin sa mga guro na dumating sila na handang magbahagi ng musika, mga kuwento, o sining na nagamit o magagamit nila para ituro ang isang alituntunin ng ebanghelyo. Matapos magbahagi ang mga guro, ipatalakay sa kanila kung paano masusuportahan ng naibahagi nila ang alituntuning itinuturo at mapapaganda ang karanasan sa pag-aaral ng mga tinuturuan nila.

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

## Tumugon sa Mahihirap na Tanong nang May Pananampalataya

Ang isang mabuting guro ay hinihikayat ang mga mag-aaral na magtanong, ngunit kung minsan ay maaaring may magbigay ng tanong na mahirap sagutin. Iniutos ng Panginoon, "Papagyamanin sa inyong mga isipan tuwina ang mga salita ng buhay," at "magpahayag ng anumang bagay na inyong ipahahayag . . . sa diwa ng kaamuan." Ang pangako Niya ay kapag ginawa mo ang mga bagay na ito, matatanggap mo "sa sandali[ng iyon], kung ano ang [iyong] sasabihin" (D at T 84:85; 100:6–7).

### MAGHANDA NANG MAAGA

Habang naghahanda kang magturo, ipagdasal na tulungan kang matukoy ang mga tanong na maaaring pumasok sa isipan ng mga miyembro ng klase. Magsaliksik sa scriptures at iba pang resources ng Simbahan, at isipin kung paano ka tutugon. Tandaan na ang pinakamabuting paghahanda ay nagmumula sa paghingi ng tulong sa Panginoon.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Habang iniisip ko ang susunod na pagkakataon kong magturo, ano ang mahihirap na bagay na maaaring itanong ng mga mag-aaral? Ano ang magagawa ko para makapaghanda?

***Halimbawa sa scriptures.*** Paano naaangkop sa akin bilang guro ang pangako sa 2 Nephi 32:3?

### SUMANGGUNI SA OPISYAL NA RESOURCES NG SIMBAHAN

Ang pinakamainam na pagmumulan ng mga sagot sa mahihirap na tanong tungkol sa ebanghelyo ay ang scriptures, mga salita ng mga buhay na propeta, at iba pang mga lathalain ng Simbahan. Halimbawa, naglathala ng mga sanaysay sa Gospel Topics ang Simbahan para masagot ang mga tanong tungkol sa kasaysayan ng Simbahan at mga kontrobersyal na isyu (tingnan sa lds.org/topics). Maging pamilyar sa opisyal na resources ng Simbahan, at hikayatin ang may mga tanong na pag-aralan din ang mga ito.



***Mga tanong na pagninilayan.*** Ano ang mga naitanong na dati ng mga miyembro ng klase ko? Anong resources ng Simbahan ang makakatulong sa kanila?

***Halimbawa sa scriptures.*** Paano ko masusunod ang payo sa Doktrina at mga Tipan 88:118?

### PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo. Sikaping gawing kaaya-aya ang lugar kung saan madarama ng mga guro na komportable at ligtas ang magtanong.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito.

***Magpraktis.*** Bago ang miting, anyayahan ang mga guro na magdala ng mahihirap na tanong tungkol sa ebanghelyo na narinig nila mula sa mga tinuturuan nila. Bilang isang grupo, talakayin ang mga angkop na paraan ng pagtugon sa mga tanong na ito.

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.



## PATULUNGIN ANG MGA MAG-AARAL NA SAGUTIN ANG MGA TANONG

Sa maraming pagkakataon, maaaring angkop na anyayahan ang mga mag-aaral na magtulungan sa paghahanap ng sagot sa kanilang mga tanong. Kapag hinikayat ng Espiritu, maaari mong ipasiyang gawin ito kahit alam mo ang sagot. Kapag pinagsaliksik mo ang mga mag-aaral sa scriptures at sa iba pang resources ng Simbahan para masagot ang mga tanong tungkol sa ebanghelyo, binibigyan mo sila ng magagandang pagkakataong matuto.

***Tanong na pagninilayan.*** Sino sa klase ko ang makapagbibigay ng mga ideya na makatutulong kung may isang mahirap na tanong?

***Halimbawa sa scriptures.*** Paano ko masusunod ang huwaran sa Doktrina at mga Tipan 88:122 kapag tinulungan ko ang mga mag-aaral na hanapin ang sagot sa mga tanong?

▶ Tingnan din sa video na "Answering a Class Member's Question" (LDS.org).

## AMININ KAPAG HINDI MO ALAM

Hindi ka dapat magulat na may mga tanong tungkol sa ebanghelyo na hindi pa nasasagot; ang mga sagot sa ilang mahihirap na tanong ay hindi pa naihahayag. Bagama't likas mong nanaising sagutin ang bawat tanong, sa ilang sitwasyon ay angkop na sabihin lang na, "Hindi ko alam. Pag-aralan natin ang tanong na iyan sa buong linggong ito, at maaari nating talakayin iyan sa susunod." Sa gayong mga sitwasyon, ibalik ang mga mag-aaral sa mas mahahalagang katotohanan ng ebanghelyo na alam natin, tulad ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, plano ng kaligtasan, at kapangyarihan ng priesthood. Magpatotoo tungkol sa mahahalagang alituntunin ng ebanghelyo. Ipaunawa sa mga mag-aaral ang pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland na, "Sa Simbahang ito, mas mahalaga ang alam natin kaysa hindi natin alam."[1]

***Tanong na pagninilayan.*** Ano ang magagawa ko para magkaroon ng pananampalataya sa mga taong may mga tanong tungkol sa ebanghelyo na hindi nasasagot?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natututuhan ko mula sa sumusunod na mga talata tungkol sa mga tanong sa ebanghelyo na hindi nasasagot? Isaias 55:8–9; Juan 16:12; II Mga Taga Corinto 5:7; I Nephi 11:16–17; Doktrina at mga Tipan 101:32–33; Moises 5:6; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9.

1. Jeffrey R. Holland, "Panginoon, Nananampalataya Ako," *Ensign* o *Liahona*, Mayo 2013, 94.

## Turuan ang mga Bata

Nang bisitahin ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas ang mga Nephita, “siya ay nagturo at naglingkod sa mga anak . . . , at kanyang kinalagan ang kanilang mga dila, at sila ay nangusap sa kanilang mga ama ng mga dakila at kagila-gilalas na bagay, maging higit na dakila kaysa roon sa kanyang inihayag sa mga tao” (3 Nephi 26:14). Ang mga ginawa ng Tagapagligtas ay nagpakita ng halimbawa sa iyo ng pagtuturo, pag-aalaga, at pag-impluwensya sa pananampalataya at pagbabalik-loob ng mga bata (tingnan sa 3 Nephi 17:23).

### SUPORTAHAN ANG MGA MAGULANG

Ang mga magulang ang pinakamahalagang guro ng ebanghelyo para sa kanilang mga anak—nasa kanila kapwa ang pangunahing responsibilidad at ang pinakadakilang kapangyarihang impluwensyahan ang kanilang mga anak (tingnan sa Deuteronomio 6:6–7). Habang tinuturuan mo ang mga bata sa simbahan, mapanalanging maghangad ng mga paraan na masuportahan ang mga magulang sa kanilang mahalagang tungkulin. Halimbawa, maaari mong kausapin ang mga magulang tungkol sa mga pangangailangan at interes ng kanilang mga anak, ibahagi sa kanila ang natututuhan ng kanilang mga anak sa inyong klase, at alamin kung paano mo masusuportahan ang mga pagsisikap ng mga magulang habang nagtuturo ka.

***Tanong na pagninilayan.*** Sa mga pagsisikap kong turuan ang mga bata sa simbahan, paano ako makakabatay sa mga karanasan nila sa kanilang tahanan?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang itinuturo sa akin ng Espiritu habang iniisip ko ang mga halimbawa ng matatapat na magulang sa Aklat ni Mormon? (tingnan, halimbawa, sa 1 Nephi 1:1; Enos 1:1–3; Alma 56:45–48).

### GUMAMIT NG IBA’T IBANG PAMAMARAAN SA PAGTUTURO

Hindi lahat ng bata ay pare-pareho, at bawat bata ay mabilis na umuunlad. Ang mga pagsisikap mong turuan ang mga bata ay magiging napakaepektibo kapag gumamit ka ng iba’t ibang pamamaraan sa pagtuturo, tulad ng sumusunod:

- *Mga Kuwento.* Ang mga alituntunin ng ebanghelyo ay mas madaling maunawaan ng mga bata kapag itinuro ang mga alituntunin gamit ang isang kuwento. Ang mga kuwento ay tumutulong sa mga bata na malaman kung paano naaangkop ang ebanghelyo sa pang-araw-araw na buhay. Ang mga kuwento sa scriptures, lalo na, ay itinuturo nang makapangyarihan ang doktrina—magagamit mo ang salaysay ni Joseph Smith tungkol sa kanyang Unang Pangitain, halimbawa, upang magturo tungkol sa panalangin, paghahayag, pagdaig sa oposisyon, at likas na katangian ng Panguluhang Diyos. Magagamit mo ang mga kuwento mula sa sarili mong buhay o mula sa mga magasin ng Simbahan. Kapag maliliit na bata ang tinuturuan, magplano ng mga paraan na maisasali sila sa kuwento; halimbawa, maaari silang humawak ng mga larawan, mag-ulit ng mga kataga, o magsadula ng ilang bahagi.

- *Mga visual aid.* Ang mga visual na tulad ng mga larawan, video, at bagay ay makakatulong sa mga bata na mas maunawaan at matandaan ang mga kuwento sa scriptures at mga alituntuning itinuturo ng mga ito. Maraming larawan at video na matatagpuan sa LDS Media Library sa LDS.org.

- *Musika.* Makakatulong ang mga himno at awit para madama ng mga bata ang pagmamahal ng Diyos, madama ang Espiritu, at matutuhan ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Ang mga himig, ritmo, at simpleng rhyme ay makatutulong sa mga bata na maalala ang mga katotohanan ng ebanghelyo sa darating na mga taon. Kapag kumakanta kayo ng mga bata, tulungan silang tuklasin at unawain ang mga altituntuning itinuturo sa mga awit. Karamihan sa mga awit sa *Aklat ng mga Awit Pambata* at sa imnaryo ng Simbahan ay may mga scripture reference na magagamit mo upang maiugnay ang awit sa doktrinang itinuturo sa scriptures.

***Tanong na pagninilayan.*** Anong mga kuwento, bagay, o awit ang magagamit ko para mas madaling maunawaan ng isang bata ang isang alituntunin ng ebanghelyo?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ko tungkol sa paraan ng pagtuturo ng Tagapagligtas sa Mateo 18:1–5?

Tingnan din sa video na “Primary Music Leader” (LDS.org).

### BIGYAN ANG MGA BATA NG MGA PAGKAKATAONG IPAKITA ANG KANILANG PAGKAMALIKHAIN

Bilang mga anak ng Diyos, isinilang ang mga bata para lumikha. Kapag inanyayahan mo ang mga bata na lumikha ng bagay na nauugnay sa isang alituntunin ng ebanghelyo, tinutulungan mo silang mas maunawaan ang alituntunin, at binibigyan mo sila ng nahahawakang paalala ng natutuhan nila. Magagamit din nila ang kanilang likha upang ibahagi sa iba ang natutuhan nila. Kapag nagtuturo ka sa mga bata, hayaan mo silang bumuo, magdrowing, magkulay, magsulat, at lumikha. Ang mga bagay na ito ay higit pa sa masasayang aktibidad—mahalaga ang mga ito sa pagkatuto. Kabilang sa bawat isyu ng *Liahona* o *Friend* ang mga malikhaing aktibidad para sa mga bata.

***Tanong na pagninilayan.*** Paano ko isasama ang malikhaing mga aktibidad sa pagtuturo ko?

### HIKAYATIN ANG MGA BATA NA MAGTANONG

Ang mga bata ay likas na mausisa, at marami silang tanong. Sikaping ituring na mga oportunidad ang kanilang mga tanong, hindi mga panggagambala o sagabal sa lesson mo. Ang mga tanong ng mga bata ay tanda na handa silang matuto. Ang gayong mga tanong ay magbibigay sa iyo ng mahahalagang kabatiran tungkol sa iniisip ng mga bata, mga problema nila, at paano sila tumutugon sa mga bagay na natututuhan nila. Ipaalam sa kanila na ang mga sagot sa kanilang mga tanong ay matatagpuan sa scriptures at sa mga salita ng mga buhay na propeta.

#### PAGGAMIT SA LAHAT NG PANDAMDAM

Karamihan sa mga bata (at matatanda) ay higit na natututo kapag ginagamit ang maraming pandamdam. Maghanap ng mga paraan upang matulungan ang mga bata na gamitin ang kanilang mga pandamdan na paningin, pandinig, at panghipo habang nag-aaral sila. Sa ilang sitwasyon, maaari ka pa ngang makahanap ng mga paraan na maisali ang kanilang mga pandamdam na pang-amoy at panlasa!



***Tanong na pagninilayan.*** Paano ko maipapakita sa mga bata sa klase ko na pinahahalagahan ko ang kanilang mga tanong at pag-uusisa?

***Halimbawa sa scriptures.*** Paano napagpala ng isang paanyayang magtanong ang batang Joseph Smith? (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:10–20).

### IPABAHAGI SA MGA BATA ANG NALALAMAN NILA

Kapag may natutuhang bago ang mga bata, gusto nila talagang ibahagi ito sa iba. Hikayatin ang hangaring ito sa pagbibigay sa mga bata ng mga pagkakataong magturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa bawat isa, sa kanilang mga kapamilya, at sa kanilang mga kaibigan. Sabihin din sa kanila na ibahagi sa inyo ang kanilang mga iniisip, nadarama, at karanasan na nauugnay sa mga alituntuning itinuturo mo. Malalaman mo na ang mga kabatiran nila ay simple, dalisay, at makapangyarihan.

***Tanong na pagninilayan.*** Anong mga katotohanan ng ebanghelyo ang natutuhan ko mula sa isang bata?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ko sa halimbawa ng Tagapagligtas sa 3 Nephi 26:14?

### LUNASAN ANG MGA KAGULUHAN NANG MAY PAGMAMAHAL

Kung minsan, kumikilos ang isang bata sa mga paraan na nagugulo ang pagaaral ng iba sa klase. Kapag nangyari ito, maging matiyaga, mapagmahal, at maunawain tungkol sa mga hamong maaaring kinahaharap ng bata. Maaaring kailangan lang niya ng mas maraming pagkakataong makibahagi sa lesson sa mga positibong paraan—paghawak ng isang larawan, pagdrowing ng anuman sa pisara, o pagbabasa ng isang talata sa scripture.

Kung patuloy na nanggugulo ang bata, maaaring makatulong ang kausapin siya nang lihim. Sa diwa ng pagmamahal at pagtitiyaga, ipaliwanag ang mga inaasahan mo at ang tiwala mo na matutugunan niya ang mga ito. Maaari mong anyayahan ang mga magulang ng bata o ang isang miyembro ng Primary presidency na sumali sa pag-uusap na ito.

Kung ang batang nanggugulo ay may espesyal na pangangailangan, kausapin ang ward o stake disability specialist o bumisita sa disabilities.lds.org para malaman kung paano mo higit na matutugunan ang mga pangangailangang iyon.

***Tanong na pagninilayan.*** May mga pagbabago ba akong magagawa sa pamamaraan ng pagtuturo ko na maaaring makatulong upang madama ng magulong bata na mahal ko siya?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang itinuro sa akin ng Mga Kawikaan 15:1; Doktrina at mga Tipan 18:10; at 121:41–44 tungkol sa paghahanap ng lunas sa mga panggugulo?

#### PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito. Huwag tangkaing ituro ang lahat sa isang miting.

***Magpraktis.*** Ipasadula sa mga guro ang pagtuturo ng isang alituntunin ng ebanghelyo sa isang bata, gamit ang mga mungkahi sa bahaging ito. Maaari mo ring anyayahan ang ilang batang Primary sa miting para maturuan. Pagkatapos, bigyan ng oras ang mga guro upang magbigay ng feedback.

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

## Turuan ang mga Kabataan

Nililinaw ng maraming karanasang nakatala sa scriptures na may tiwala ang Diyos sa espirituwal na kakayahan ng mga kabataan. Si Samuel ay bata pa nang marinig niya ang tinig ng Panginoon sa templo. Si Mormon ay 10-taong gulang pa lang nang ipamalas niya ang espirituwal na mga kaloob na naging dahilan para maging karapat-dapat siya sa kanyang sagradong misyon. Si Joseph Smith ay 14 nang pagkatiwalaan siya ng paghahayag na nagpasimula sa Panunumbalik. At ang Tagapagligtas mismo ay 12 nang matagpuan Siya sa templo, na nagtuturo at ginagawa ang gawain ng Kanyang Ama. Kung ikaw ay guro ng mga kabataan, may pagkakataon kang tulungan sila na gampanan ang dakilang gawaing inihandang ipagawa sa kanila ng Ama sa Langit.

### SUPORTAHAN ANG MGA MAGULANG

Ibinigay ng Panginoon sa mga magulang ang pangunahing responsibilidad na turuan ang kanilang mga anak. Samakatwid, kapag nagsikap kang turuan ang mga kabataan sa paraan ng Tagapagligtas, ang mga pagsisikap mo ay dapat sumuporta sa mga pagsisikap ng mga magulang. Ibahagi sa magulang ng mga kabataan ang itinuturo mo. Makipagsanggunian sa kanila para malaman ang pangangailangan ng mga kabataan sa klase mo at ang pinakamabibisang paraan para matugunan ang mga pangangailangang iyon. Maaari kang makipag-ugnayan sa mga magulang sa mga regular na email o text, o maaari mo silang kausapin paminsan-minsan.

Gawin mo ang makakaya mo upang palakasin ang mga ugnayan ng mga kabataan sa kanilang mga magulang. Maaaring madama ng mga kabataan kung minsan na mas komportable silang lumapit sa iyo kapag kailangan nila ng payo, pero hangga't maaari, hikayatin silang humingi rin ng payo sa pinakamahahalagang guro sa kanilang buhay—ang kanilang mga magulang.

***Tanong na pagninilayan.*** Ano ang ilang angkop na paraan para makapagtulungan kami ng mga magulang ng mga kabataang tinuturuan ko?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang mga impresyon ko tungkol sa mga kabataang tinuturuan ko kapag binabasa ko ang tungkol sa 2,000 kabataang mandirigma ni Helaman? (tingnan sa Alma 53:17–21; 56:47; 57:21).



Tingnan din sa teaching demonstration sa video na "Strengthen Our Families" (LDS.org).

### TAASAN ANG MGA INAASAHAN SA KANILA, AT MATIYAGANG TULUNGAN ANG MGA KABATAAN NA MATUPAD ANG MGA ITO

Sa ilang paraan, naiiba ang pagtuturo sa mga kabataan sa pagtuturo sa matatanda. Kadalasan ay mas kakaunti ang karanasan ng mga kabataan sa ebanghelyo at maaaring hindi sila gaanong komportableng magbigay ng mga puna sa klase. Maaaring madali silang mainip at kailangan nila ng paiba-ibang pamamaraan ng pagtuturo, tulad ng mga object lesson, mga kuwentong hango sa tunay na buhay, at mga visual aid. Natututuhan pa lang ng ilang kabataan kung ano ang katanggap-tanggap sa klase at maaaring subukan nilang sagarin ang pasensya mo. Kung minsan ay hindi sila sigurado sa kanilang mga paniniwala at sa kanilang sarili.

Gayunman, may potensyal din ang mga kabataan na gumawa ng pambihirang mga bagay sa paglilingkod sa Panginoon. Sabi ni Elder David A. Bednar: "Naniniwala ako na ang henerasyong ito ng mga kabataan ay mas babad sa mga banal na kasulatan, mas batid ang mga salita ng mga propeta, at mas mahilig sumangguni sa mga paghahayag para sa mga sagot kaysa anumang nakaraang heneresyon."[1] At ibinahagi ni Pangulong J. Reuben Clark Jr. ang ganito ring tiwala sa mga kabataan: "Ang mga kabataan ng Simbahan ay gutom sa mga bagay ng Espiritu; sabik silang matutuhan ang ebanghelyo, at nais nila itong maging tuwiran at puro."[2]

### PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o mahigit pang mga ideya sa bahaging ito. Huwag tangkaing ituro ang lahat sa isang miting.

***Magpraktis.*** Ipasadula sa mga guro ang pagtulong sa mga kabataan na tuklasin sa kanilang sarili ang katotohanan sa scriptures. Paano nila mabibigyang-inspirasyon ang mga kabataan na hanapin ang katotohanan nang hindi ibinibigay sa kanila ang lahat ng sagot? Anong pangaral o payo ang maibibigay ng mga guro sa bawat isa?

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

Kung madarama ng mga kabataan na may tiwala ka sa kanila, lalago ang tiwala nila sa kanilang banal na potensyal, at magugulat ka sa magagawa nila. Mapagmahal na sabihin sa kanila na alam mo na maaari silang maging responsable sa sarili nilang pag-aaral at maging tapat sa pagsunod sa mga pamantayan ng Panginoon. Tulungan silang makita kung ano ang alam ng Ama sa Langit na maaari nilang marating.

Mangyari pa, marami pang dapat matutuhan ang mga kabataan—tulad nating lahat. Sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas at patuloy silang mahalin at hikayatin, matiyaga silang tulungan, at huwag silang pabayaan kailanman.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Ano ang mga inaasahan ko sa mga kabataang tinuturuan ko? Paano ko maipapakita ang tiwala ko sa kanila?

***Halimbawa sa scriptures.*** Anong scriptures ang nagtuturo sa akin tungkol sa mga inaasahan ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo? (tingnan, halimbawa, sa Mateo 5:48; Juan 13:34–35; 14:12).

Tingnan din sa "Mahalin ang mga Tinuturuan Mo" sa resource na ito.

### BIGYAN ANG MGA KABATAAN NG MGA PAGKAKATONG TURUAN ANG ISA'T ISA

Tinuturuan ng mga kabataan ang isa't isa sa lahat ng oras—nagbabahaginan sila ng mga karanasan, ipinapaunawa nila sa isang kaibigan ang isang alituntunin ng ebanghelyo, o nagpapakita sila ng halimbawa sa kanilang mga kilos. Bigyan sila ng maraming pagkakataong turuan ang isa't isa sa klase, sapagkat kadalasa'y mas natututo sila mula sa bawat isa at sa karanasan nilang magturo. Kapag inanyayahan mong magturo ang mga kabataan, tulungan mo silang maghanda nang angkop. Ibahagi sa kanila ang ilan sa mga alituntunin sa resource na ito, at ipaliwanag ang ginagawa mo sa paghahandang magturo. Isaalang-alang ang huwarang ito: *ipaliwanag* ang isang alituntuning nais mong maunawaan nila, *ipamalas* kung paano ito ipamuhay, hayaan silang *praktisin* ito, *suriin* ang kanilang mga pagsisikap, at bigyan sila ng pagkakataong *magpraktis ulit.*

Sa ganitong paraan matutulungan mo ang mga kabataan hindi lamang sa isang lesson kundi sa habambuhay na pagtuturo ng ebanghelyo sa paraan ng Tagapagligtas.

***Tanong na pagninilayan.*** Sino sa klase ko ang makikinabang sa isang pagkakataong magturo? Paano ko siya matutulungang magkaroon ng positibong karanasan?

***Halimbawa sa scriptures.*** Nang basahin ko ang Lucas 2:40–52, ano ang itinuturo sa akin ng Espiritu tungkol sa mga kabataan sa klase ko?

Tingnan din sa video na "Let Us Teach" (LDS.org).

### TULUNGAN ANG MGA KABATAAN NA ESPIRITUWAL NA MAKAASA SA SARILI

Para espirituwal na maligtas sa mapanganib na mga panahong ito at para matupad ang misyon ng Panginoon para sa kanila, kakailanganin ng mga kabataang tinuturuan mo na magkaroon ng sarili nilang pananampalataya at patotoo. Kakailanganin nilang malaman kung paano makasumpong ng lakas sa kanilang mga pagsubok at ng mga sagot sa kanilang mga tanong. Hindi sila makakaasa sa iyo o sa kanilang mga magulang.

Kapag nagturo ka, sa halip na magbahagi lang ng impormasyon, tulungan ang mga kabataan na tuklasin sa kanilang sarili ang mga katotohanan ng ebanghelyo sa scriptures at sa mga salita ng mga propeta. Kapag may mga tanong sila, kung minsa'y mas mabuting turuan sila kung paano nila mahahanap ang mga sagot sa kanilang sarili, sa halip na sagutin kaagad ang mga tanong. Halimbawa, maipapakita mo sa kanila kung paano gamitin ang mga tulong sa pag-aaral sa scriptures o ang Gospel Topics section sa LDS.org. Maibabahagi mo rin kung paano ka naghangad at nakatanggap ng personal na paghahayag. Hikayatin silang ugaliin na araw-araw manalangin at magkaroon ng makabuluhang pag-aaral ng scriptures. Sa iyong mga salita at halimbawa, turuan sila tungkol sa dalisay na kagalakang nagmumula sa pag-aaral at pagsasabuhay ng ebanghelyo.



***Mga tanong na pagninilayan.*** Alam ba ng mga kabataang tinuturuan ko ang gagawin kapag may mga tanong o problema sila tungkol sa ebanghelyo? Paano ko sila matutulungan na espirituwal na umasa sa kanilang sarili?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang ibig sabihin ng " itayo ang inyong saligan" kay Jesucristo? (Helaman 5:12). Paano ko matutulungan ang mga kabataan na gawin ito?

1. David A. Bednar, "A Reservoir of Living Water" (Church Educational System fireside para sa mga young adult, Peb. 4, 2007), 2, LDS.org.
2. J. Reuben Clark Jr., *The Charted Course of the Church in Education,* rev. ed. (1994), 3; tingnan din sa lds.org/bc/content/ldsorg/manual/seminary/32709_000.pdf, p. 3.

## GAMITIN SA KABUTIHAN ANG TEKNOLOHIYA

Kung may sariling mga electronic device ang mga kabataang tinuturuan mo, tandaan na hindi dapat makagambala ang mga ito—maaari talagang maging mabisang mga kasangkapan ito para mapag-ibayo ang pag-aaral. Hikayatin ang mga kabataan na gamitin ang scriptures at iba pang mga resource ng Simbahan sa mga device na ito para sagutin ang mga tanong. Maaari ka ring magpadala ng mga mensahe at link sa mga kabataan sa buong linggo upang matulungan silang maghanda para sa darating na mga lesson.

# Maghikayat ng Masigasig na Pag-aaral

(*Handbook 2: Administering the Church* [2010], 5.5.4)

Ang tunay na guro ng ebanghelyo ay hindi nasisiyahan kapag nakikinig lang ang mga mag-aaral sa sinasabi niya. Ang pag-aaral ng ebanghelyo ay hindi nilayon na maging isang karanasan na wala kang gagawin. Isa itong pagpapakita ng pananampalataya at masigasig na pagsisikap. Kapag naghanda kang magturo, sa halip na isiping, "Ano ang gagawin ko para makapagturo?" itanong sa iyong sarili, "Ano ang gagawin ng mga miyembro ng klase ko para matuto? Paano ko sila tutulungang matuklasan ang ebanghelyo para sa kanilang sarili? Paano ko sila bibigyang-inspirasyon na kumilos?" Ibinahagi ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol ang kilalang kasabihan, "Sa pagbibigay sa isang tao ng isda, makakakain siya nang isang beses. Ang pagtuturo sa isang tao na mangisda ay magbibigay sa kanya ng pagkain habang buhay." Pagkatapos ay itinuro niya,"Bilang mga magulang at tagapagturo ng ebanghelyo, kayo at ako ay narito hindi upang magbigay ng isda; sa halip, ang ating gawain ay turuan [ang ating mga estudyante] na matutong 'mangisda' at maging matatag sa espirituwal."[1]

### MAGHIKAYAT NG PAG-AARAL SA LABAS NG KLASE

Ang pag-aaral ng ebanghelyo nang isang beses sa isang linggo ay hindi sapat para mapatibay ang mga miyembro ng klase laban sa mga tukso at panlilinlang ng kaaway. Kailangang nakasentro ang pag-aaral ng ebanghelyo sa araw-araw na mga pagsisikap sa tahanan, kabilang na ang personal at pampamilyang pag-aaral. Mapapatibay ng mga bagay na sinasabi at ginagawa mo bilang guro ang alituntuning ito. Partikular na anyayahan ang mga mag-aaral na pag-aralan ang ebanghelyo sa labas ng klase, at regular na ipabahagi sa kanila ang kanilang natututuhan. Halimbawa, maaari mong anyayahan ang lahat ng miyembro ng klase na dumating na handang magbahagi ng isang makabuluhang talata mula sa takdang-babasahin. O maaari mong anyayahan ang isang miyembro ng klase na maghandang ituro ang isang bahagi ng lesson. Kahit ang maliliit na bata ay maaaring anyayahang mag-aral, sa tulong ng mga magulang, sa labas ng klase.

Ang panghihikayat na mag-aral sa bahay ay dapat maging higit pa sa isang paalala tungkol sa takdang-babasahin. Dapat ay nakakaganyak at nagbibigay-inspirasyon ito. Halimbawa, maaari mong sabihing, "Kung gusto pa ninyong pagbutihin ang kakayahan ninyong makilala ang mga pahiwatig ng Espiritu, makakahanap kayo ng mahahalagang kabatiran sa Doktrina at mga Tipan 8–9. Inaanyayahan ko kayong basahin ang mga bahaging ito bago ang susunod nating klase."

***Tanong na pagninilayan.*** Paano ko magagamit sa ibang paraan ang oras ng klase dahil itinuturing kong sentro ng pag-aaral ng ebanghelyo ang tahanan?

***Halimbawa sa scriptures.*** Nang turuan ni Jesus ang mga Nephita matapos Siyang Mabuhay na Mag-uli, sa palagay mo, bakit Niya sila inutusang umuwi para pagnilayan at ipagdasal ang Kanyang mga salita? (tingnan sa 3 Nephi 17:2–3).

Tingnan din sa "Suportahan ang Pag-aaral ng Ebanghelyo sa Tahanan" sa resource na ito.

### BIGYAN NG RESPONSIBILIDAD ANG MGA MAG-AARAL

Kahit mahalaga ang tungkulin ng isang guro, ang mga mag-aaral pa rin ang responsable sa sarili nilang pagkatuto. Isipin kung paano mo matutulungan ang mga mag-aaral na tanggapin at gampanan ang responsibilidad na ito. Halimbawa, kapag binasa ang isang scripture sa klase, bago ibahagi ang mga kabatiran mo, maaari mong itanong sa mga miyembro ng klase kung ano ang natutuhan nila mula sa talata. Ipaalam mo sa kanila na hindi ka naghahanap ng partikular na sagot kundi interesado ka talaga sa natututuhan nila. Maaari mong makita na ang mga tanong at kabatiran na nag-aanyaya sa Espiritu ay dumarating mula sa isang masigasig na mag-aaral na kasindalas ng mula sa isang guro.

***Tanong na pagninilayan.*** Ano ang ilang bagay na magagawa ko para matulungan ang mga miyembro ng klase ko na maging responsable sa sarili nilang pagkatuto?

***Halimbawa sa scriptures.*** Paano hinikayat ng Tagapagligtas ang Kanyang mga alagad na maging responsable para sa sarili nilang pagkatuto? (tingnan, halimbawa, sa Lucas 10:25–28; Eter 2:22–25).

### MAGPAKITA NG TIWALA SA PAMAMAGITAN NG PAGTATAKDA NG MATATAAS NA INAASAHAN

Ang ilang mag-aaral ay walang tiwala sa kakayahan nilang matutuhan ang ebanghelyo sa kanilang sarili. Itinuro ni Elder Bruce R. McConkie, "Bawat [tao] ay mababasa ang iisang scripture at may karapatan sa patnubay ng iisang Espiritu Santo."[2] Kapag nagpakita ka ng tiwala sa mga miyembro ng klase mo at nagpatotoo na tuturuan sila ng Espiritu Santo, tinutulungan mo silang matupad ang matataas na inaasahan ng Panginoon sa mga mag-aaral ng ebanghelyo. Hindi malalaman ng marami sa kanila kailanman ang kaya nilang makamit kung hindi mo sila aanyayahan at hihikayating magsikap nang husto. Ibahagi sa kanila ang nakakaantig na paanyaya ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf: "Inaanyayahan ko kayo na maging mahusay rin sa mga doktrina ng ebanghelyo."[3]

***Tanong na pagninilayan.*** Ano ang nagawa ng iba para tulungan akong magtiwala sa kakayahan kong matutuhan ang ebanghelyo?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ipinakita ng Tagapagligtas ang Kanyang tiwala sa Kanyang mga disipulo sa pagbibigay sa kanila ng mahirap ngunit kayang isagawang mga paanyaya (halimbawa, tingnan sa Lucas 5:1–11). Ano ang magagawa ko para masunod ang Kanyang halimbawa?

### MGA TULONG SA PAG-AARAL NG SCRIPTURES

Ang scripture footnotes, Topical Guide, at Bible Dictionary ay mahahalagang resource para tulungan tayong maunawaan ang scriptures. Isipin ang pananaw na ito ukol sa doktrina mula sa tala sa panalangin sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan: "Ang pakay ng panalangin ay hindi upang baguhin ang kalooban ng Diyos, kundi upang maisiguro sa ating sarili at sa iba ang mga pagpapala na nais ng Diyos na ipagkaloob, ngunit kinakailangan nating hilingin upang matanggap" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Panalangin").

#### MAGHIKAYAT NG PAGBABAHAGI

Kapag ibinahagi ng mga mag-aaral ang kanilang natututuhan, hindi lang nila madarama ang Espiritu at mapapalakas ang sarili nilang patotoo, kundi mahihikayat din nila ang ibang mga miyembro ng klase na tuklasin ang mga katotohanan para sa kanilang sarili. Bukod pa sa pagbabahagi ng natutuhan mo mula sa iyong pag-aaral, hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi. Maaari kang magtanong ng "Anong mga katotohanan ang nakaagaw ng iyong pansin sa mga talatang ito?" o "Ano ang natutuhan mo tungkol sa pagsagip sa mga nawawala nang mabasa mo ang kuwento ni Pangulong Monson?" Maaaring magbahagi ang maliliit na bata sa pagdodrowing ng mga larawan o pagkukuwento. Maglaan ng oras para sa pagbabahagi ng mga estudyante sa bawat lesson—sa ilang pagkakataon, malalaman mo na ang mga talakayang ito *ay* ang lesson mismo.

***Tanong na pagninilayan.*** Paano ko mahihikayat ang mga miyembro ng klase ko na ibahagi ang natututuhan nila?

***Halimbawa sa scriptures:*** Nakatala sa Lucas 10:1–9 na ipinabahagi ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo ang mga natutuhan nila mula sa Kanya. Paano sila napagpala ng karanasang ito? (tingnan sa mga talata 17–24).

#### TURUAN ANG MGA MAG-AARAL NA HANAPIN ANG MGA SAGOT SA SCRIPTURES

Ang isang taong marunong kumuha ng kahulugan mula sa scriptures at ginagamit ang mga ito araw-araw ay tatanggap ng banal na patnubay para madaig ang anumang hamon. Ang taong gayon ay hindi aasa sa guro para sa espirituwal na lakas. Habang nagtuturo ka, magtanong ng mga bagay kung saan kakailanganing maghanap ng mga mag-aaral ng mga sagot sa scriptures. Ang mas mabuti pa, tulungan silang matuto kung paano magbigay ng sarili nilang mga tanong. Tulungan silang makita na kahit maraming taon nang naisulat ang scriptures, nilalaman nito ang mga sagot ng Panginoon sa mga tanong at problemang kinahaharap nating lahat.



***Tanong na pagninilayan.*** Anong payo ang maibibigay ko sa mga miyembro ng klase para matulungan silang magkaroon ng mas magagandang karanasan sa paghahanap ng mga sagot sa scriptures?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ko mula sa halimbawa ni Nephi sa 1 Nephi 19:22–24 at 2 Nephi 25:1–4?

#### IPATALA SA MGA MAG-AARAL ANG KANILANG MGA IMPRESYON

Hikayatin ang mga mag-aaral na itala ang mga impresyong natatanggap nila mula sa Espiritu Santo habang pinag-aaralan nila ang ebanghelyo. Para sa mga bata maaaring ang ibig sabihin nito ay magdrowing ng larawan o ibahagi sa kanilang mga magulang ang mga iniisip nila. Ituro sa mga mag-aaral na kung minsan ay tuturuan sila ng Espiritu ng mga bagay sa isang talakayan sa klase na hindi kailanman sinasabi nang malakas. Itinuro ni Elder Richard G. Scott, "Isulat sa talaang maiingatan ninyo ang mahahalagang bagay na natutuhan ninyo mula sa Espiritu. Matutuklasan ninyo na sa pagsusulat ng mahahalagang impresyon, kadalasa'y mas marami pang dumarating. Gayundin, magagamit ninyo ang kaalamang natamo ninyo habambuhay."[4]

***Tanong na pagninilayan.*** Kailan ako napagpala sa pagtatala ng isang espirituwal na impresyon?

***Halimbawa sa scriptures.*** Inutusan ng Tagapagligtas ang mga Nephita na isulat ang mga bagay na itinuro sa kanila (tingnan sa 3 Nephi 16:4; 23:4, 11; 27:23). Anong mga pagpapala ang nagmula sa kautusang iyon?

1. David A. Bednar, "Mangagpuyat sa Buong Katiyagaan," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2010, 42–43.
2. Bruce R. McConkie, "Finding Answers to Gospel Questions," sa *Charge to Religious Educators,* Ika-3 ed. (1994), 80; tingnan din sa lds.org/manual/teaching-seminary-preservice-readings-religion-370-471-and-475.
3. Dieter F. Uchtdorf, "Ang Inyong Potensyal, ang Inyong Pribilehiyo," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2011, 59.
4. Richard G. Scott, "Pagtatamo ng Kaalaman at ng Lakas para Gamitin Ito nang Buong Talino," *Liahona,* Agosto 2002, 12–13.

#### PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong. Maaaring pagkakataon na ito para ipakita ang mga paraan sa paghihikayat ng masigasig na pag-aaral.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito.

***Magpraktis.*** Bago ang miting, ipaaral sa bawat guro ang isang alituntunin ng ebanghelyo at padaluhin sila sa miting na handang bigyang-inspirasyon ang ibang mga guro upang matutuhan ang tungkol sa alituntunin. Paano naiiba ang pamamaraang ito mula sa pagtuturo lamang sa iba tungkol sa alituntunin? Paano nito mapagpapala ang mga mag-aaral?

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

## Magbigay ng mga Inspiradong Tanong

Ang Tagapagligtas ay nagbigay ng mga tanong na nag-anyaya sa mga mag-aaral na mag-isip nang malalim at madama nang husto ang mga katotohanang itinuro Niya. Ang ating mga tanong ay maaari ding makapagbigay ng inspirasyon sa mga mag-aaral na pagnilayan ang mga katotohanan ng ebanghelyo at humanap ng mga paraan para maipamuhay ang mga ito. Ang inspiradong tanong ay isang paanyaya sa mga mag-aaral na tuklasin sa kanilang sarili ang mga katotohanan ng ebanghelyo at suriin ang pag-unawa at katapatan nila sa mga katotohanang iyon. Ang mga inspiradong tanong ay magagawang mas kawili-wili at makabuluhan ang karanasan sa pag-aaral ng ebanghelyo.

### MAGTANONG NG MGA BAGAY NA NAKAKATULONG SA MGA MAG-AARAL NA MAGTAMO NG PANGUNAHING KAALAMAN TUNGKOL SA MGA WALANG-HANGGANG KATOTOHANAN

Bago talakayin ng mga miyembro ng klase ang isang kuwento sa scriptures o alituntunin ng ebanghelyo, kailangan nilang maunawaan ito. Ang ilan sa mga tanong mo ay dapat maghikayat sa mga mag-aaral na saliksikin ang scriptures upang magtamo ng pangunahing kaalaman tungkol sa isang kuwento o alituntunin. Ang gayong mga tanong ay kadalasang may partikular na mga sagot, ngunit karaniwan ay mas mabuting hayaan ang mga mag-aaral na tuklasin ang mga sagot sa kanilang sarili. Halimbawa, kung pinag-aaralan ninyo ang Mateo 26:36–46, maitatanong mo, "Anong mga detalye ang nakita ninyo sa mga talatang ito na naglalarawan ng karanasan ng Tagapagligtas sa Halamanan ng Getsemani? Ano ang ginawa Niya roon para sa atin?" O, kung mga bata ang tinuturuan mo, maaari mong ilarawan ang karanasan ng Tagapagligtas sa Getsemani gamit ang sarili mong mga salita at pagkatapos ay hilingin sa mga bata na sabihin sa iyo kung ano ang ginawa ni Jesus doon.

Ang mga talakayang ito ay hindi lang dapat umikot sa mga detalye ng kuwento, kahit mahalaga ang mga ito. Magtanong ng mga bagay na makakatulong sa mga miyembro ng klase mo na matuklasan ang mga alituntunin ng ebanghelyo—ang mga walang-hanggang katotohanan sa scriptures na nagpapabago ng buhay.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Anong mga kuwento o alituntunin sa scriptures ang kailangang maunawaan ng mga miyembro ng klase ko sa darating na lesson? Ano ang mga itatanong ko para matulungan silang magtamo ng pangunahing pang-unawa mula sa scriptures?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ko mula sa mga itinanong ng Tagapagligtas sa Lucas 10:25–28?

### MAGTANONG NG MGA BAGAY NA UMAANTIG SA PUSO'T ISIPAN

Kapag may pangunahing kaalaman na ang mga mag-aaral tungkol sa isang kuwento o alituntunin, magtanong ng mga bagay na tutulong sa kanila na pagnilayan ang ibig sabihin nito upang maantig ng kuwento o alituntuning iyon ang kanilang puso't isipan. Maaari mong ipabahagi sa mga mag-aaral ang nadarama nila tungkol sa isang scripture passage, kung ano ang maaaring nadama ng mga tao sa scriptures, o kung paano nauugnay ang mga katotohanan sa talata sa ating buhay. Dahil ang mga tugon sa mga tanong na ito ay kadalasang nakaasa sa mga damdamin at karanasan ng mga mag-aaral, karaniwa'y hindi lamang iisa ang tamang sagot sa mga tanong. Kadalasa'y nagsisimula ang mga tanong na ito sa mga katagang tulad ng "sa inyong palagay" o "ano ang inyong nadarama." Halimbawa, maaari mong itanong, "Sa inyong palagay, ano ang maaaring nadama ng mga Apostol nang maglakad sila patungo sa Halamanan ng Getsemani na kasama ang Tagapagligtas? Ano ang nadarama ninyo tungkol sa ginawa ni Jesus doon? Paano napagpala ng pagdurusa ng Tagapagligtas sa halamanan ang ating buhay?"

***Tanong na pagninilayan.*** Paano mabibigyang-inspirasyon ng mga tanong sa itaas ang mga mag-aaral na gumawa ng mga pagbabago sa kanilang buhay?

***Halimbawa sa scriptures.*** Kailan nagtanong ang Tagapagligtas o ang iba pang mga tao sa scriptures na nagbigay-inspirasyon sa taos-pusong pagninilay? (tingnan, halimbawa, sa Mateo 16:13–15; Juan 1:37–38).

Tingnan din sa video na "Ask Us Questions" (LDS.org).

### MAGTANONG NG MGA BAGAY NA NAG-AANYAYA SA MGA MAG-AARAL NA KUMILOS

Ang ilang tanong ay naghihikayat sa mga mag-aaral na ipamuhay ang natutuhan nila at ipangako sa kanilang sarili na ipamumuhay nang mas lubusan ang ebanghelyo. Kadalasan, dapat anyayahan ng mga tanong na ito ang mga mag-aaral na makinig sa mga pahiwatig ng Espiritu tungkol sa dapat nilang gawin. Halimbawa, maari mong itanong, "Nang talakayin natin ang pagdurusa ng Tagapagligtas sa Getsemani, anong espirituwal na mga impresyon ang natanggap ninyo?" o "Ano ang babaguhin ninyo dahil sa natutuhan ninyo ngayon?" Ang mga ito ay karaniwang hindi mga tanong na tatalakayin; ang mga ito ay para sa personal na pagninilay. Dapat lamang ibahagi ng mga mag-aaral ang kanilang mga sagot kung komportable silang gawin ito.

***Tanong na pagninilayan.*** Paano napalalim ng mga tanong ng mga inspiradong guro ang katapatan ko kay Jesucristo?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ko mula sa paraan ni Alma ng pag-anyaya sa kanyang mga tao na magpabinyag? (tingnan sa Mosias 18:7–12).

Tingnan din sa "Anyayahan ang mga Mag-aaral na Kumilos" sa resource na ito.

### HUWAG MATAKOT SA KATAHIMIKAN

Ang magagandang tanong ay nangangailangan ng oras para masagot. Nangangailangan ito ng pagninilay, pagsasaliksik, at inspirasyon. Ang oras na ginugugol mo sa paghihintay ng mga sagot sa isang tanong ay maaaring maging sagradong oras ng pagninilay. Iwasang matuksong tapusin kaagad ang oras na ito sa pagsagot sa sarili mong tanong o pagtuloy sa ibang paksa. Sabihin sa mga mag-aaral na bibigyan mo sila ng oras para magnilay bago sila sumagot.

**MAGTANONG NG MGA BAGAY NA NAG-AANYAYA SA MGA MAG-AARAL NA MAGPATOTOO**

Ang pagtatanong ng mga bagay na naghihikayat sa mga mag-aaral na magpatotoo tungkol sa mga alituntuning itinuturo ay maaaring maging mabisang paraan para maanyayahan ang Espiritu. Kapag pinagnilayan ng mga mag-aaral ang mga tanong na ito, maaalala nila ang mga panahon na nakita nila ang kamay ng Panginoon sa kanilang buhay. Ang kanilang mga patotoo—at ang mga patotoo ng iba sa klase—ay lalago kapag pinatotohanan ng Espiritu ang katotohanan. Upang makapag-anyaya ng mga patotoo, maaari kang magtanong na tulad ng "Paano ninyo nalaman na nagbayad-sala si Jesucristo para sa inyong mga kasalanan?" o "Paano ninyo napahalagahan ang mga ginawa ng Tagapagligtas para sa atin sa Getsemani?" o, kung mga bata ang tinuturuan mo, "Ano ang nadarama ninyo tungkol kay Jesus?"

***Mga tanong na pagninilayan.*** Ano ang nakahikayat sa mga miyembro ng klase ko na magpatotoo? Paano ko sila mahihikayat na magpatotoo?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang epekto ng tanong ni Haring Benjamin sa Mosias 5:1 sa kanyang mga tao? (tingnan din sa mga talata 2–5). Paano ko maiaangkop ang halimbawang ito sa pagtuturo ko?

**MAGTANONG NG MGA BAGAY NA NAGHIHIKAYAT NG PAGSUSURI SA SARILI**

Nang mangaral si Alma sa mga tao sa Zarahemla, gumamit siya ng mga mapanuring tanong na gaya nito: "Kayo ba ay espirituwal na isinilang sa Diyos? . . . Inyo bang naranasan ang malaking pagbabagong ito sa inyong mga puso?" (Alma 5:14). Maaari mong gamitin ang ganitong mga tanong para hikayatin ang mga mag-aaral na suriin ang kanilang asal at katapatan sa ebanghelyo—halimbawa, "May pananampalataya ba kayong magbayad ng ikapu?" o "Sinasabi ba ninyo sa inyong pamilya na mahal ninyo sila?" Sabihin sa mga mag-aaral na huwag sagutin nang malakas ang mga tanong na ito; ang layunin ng ganitong mga tanong ay tulungan ang mga mag-aaral na lihim na suriin ang sarili nilang asal at katapatan sa ebanghelyo.

***Tanong na pagninilayan.*** Kailan ako natulungan ng isang inspiradong tanong na masuri ang aking espirituwal na pag-unlad at katapatan? Ano ang mga maitatanong ko upang mahikayat ang mga taong tinuturuan ko na suriin ang kanilang sarili?

***Halimbawa sa scriptures.*** Nang basahin ko ang Juan 21:15–17, ano ang napansin ko tungkol sa mga itinanong ni Jesucristo kay Pedro?



**MAGTANONG NG MGA BAGAY NA SUMUSUKAT SA PANG-UNAWA**

Upang malaman kung nauunawaan ng mga miyembro ng klase ang isang alituntunin, subukang magtanong na tulad ng "Ano ang natutuhan ninyo tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo?" Ang isang tanong na nag-aanyaya sa mga mag-aaral na ipahayag ang isang alituntunin ng ebanghelyo sa sarili nilang mga salita—lalo na kung tanungin sila sa simula ng klase—ay makakatulong sa iyo na masukat kung gaano katagal ninyo pag-aaralan ang alituntuning ito sa klase.

***Tanong na pagninilayan.*** Ano ang ilang paraan na masusukat ko ang pang-unawa ng mga miyembro ng klase ko?

***Halimbawa sa scriptures.*** Paano sinukat ni Ammon ang pang-unawa ni Haring Lamoni? (tingnan sa Alma 18:24–36).

**PARA SA LIDER NG TALAKAYAN**

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito. Huwag tangkaing ituro ang lahat sa isang miting.

***Magpraktis.*** Sabihin sa mga guro (indibiduwal man o sa malilit na mga grupo) na sundin ang mga tagubilin sa bahaging ito at sumulat ng ilang tanong na sa palagay nila ay makakatulong sa mga miyembro ng klase sa darating na lesson. (Maaaring makatulong na ibigay sa mga guro ang paanyayang ito ilang araw bago ang miting para dumating sila nang handa.) Ipabahagi sa mga guro ang kanilang mga tanong sa isa't isa at magbigay ng feedback.

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

# Mamuno sa mga Inspiradong Talakayan

Nang magturo ang Tagapagligtas, hindi lang Siya nagbahagi ng impormasyon. Binigyan Niya ng pagkakataon ang Kanyang mga disipulo na magtanong at magbahagi ng kanilang patotoo. Ang Kanyang huwaran sa pagtuturo at pagkatuto ay nag-aanyaya sa ating "turuan ninyo ang isa't isa ng doktrina ng kaharian" upang "lahat ay mapasigla ng lahat, at upang ang bawat tao ay magkaroon ng pantay na pribilehiyo" (D at T 88:77, 122). Bilang guro, makakahikayat ka ng nakaaantig na mga talakayan na sagana sa mga karanasan at patotoo ng mga mag-aaral. Kahit maliliit na bata ay maraming maiaambag. Ang isang masiglang talakayan ay hindi mo pangunahing mithiin bilang guro, ngunit masusuportahan nito ang mithiing iyon—ang tulungan ang mga mag-aaral na maragdagan ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo at maging higit na katulad Niya.

## GAWING KAAYA-AYA ANG LUGAR PARA MAKAHIKAYAT NG TALAKAYAN

Ang mga klase at miting sa Simbahan ay nagbibigay ng mga pagkakataon sa mga Banal sa mga Huling Araw na mapalakas ang isa't isa sa pagbabahagi ng mga ideya, karanasan, at patotoo. Ang kapaligirang nililikha mo sa silid-aralan ay makakatulong sa paghikayat ng ganitong uri ng pakikipag-ugnayan. Ang iyong mga salita, iyong mga kilos—kahit ang ayos ng silid, pati na ang ilaw at ayos ng mga upuan—ay makakatulong sa pagtataguyod ng diwa ng paggalang sa isa't isa at masiglang pagkatuto.

***Tanong na pagninilayan.*** Ano ang mababago ko sa ayos ng aking sild-aralan para makahikayat ng mas masisiglang talakayan?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ayon sa nakatala sa Juan 21:8–12, ano ang ginawa ni Jesus upang maihanda ang kapaligiran kung saan mabisa Niyang matuturuan ang Kanyang mga disipulo? Paano ko masusunod ang Kanyang halimbawa?

Tingnan din sa video na "We Share" (LDS.org).

## MAGTANONG NG MGA BAGAY NA NAGHIHIKAYAT NG PAGNINILAY

Ang isang magandang talakayan ay kadalasang nagsisimula sa isang magandang tanong—isang tanong na nag-aanyaya sa mga tao na mag-isip nang malalim tungkol sa ebanghelyo. Halimbawa, maaari mong itanong, "Anong mga katotohanan sa doktrina ang itinuro sa salaysay ng Unang Pangitain ni Joseph Smith?" o "Paano nakagawa ng kaibhan ang Unang Pangitain ni Joseph Smith sa inyong buhay?"

Kapag nagtanong kayo ng ganito, bigyan ng oras ang mga mag-aaral na pagnilayan ang kanilang mga sagot. Kung minsan ay makakahikayat ng pagninilay kapag isinulat sa pisara ang tanong. Maaari mo pa ngang ipaalam sa mga mag-aaral na gusto mong mag-isip sila sandali bago sumagot. Anyayahan sila na hilingin nang tahimik sa Ama sa Langit na bigyang-inspirasyon sila habang pinagninilayan nila ang tanong. Sa ganitong mga sandali ng tahimik na pag-iisip, maaantig ng Espiritu ang mga puso.

***Tanong na pagninilayan.*** Ano ang mga maitatanong ko sa susunod kong lesson para makahikayat ng pagninilay at talakayan?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ko mula sa mga tanong ng Tagapagligtas? (tingnan, halimbawa, sa Mateo 16:13–17; Lucas 10:25–26).

## TULUTANG MAKIBAHAGI ANG LAHAT

Lahat ay may maiaambag, ngunit kung minsan hindi lahat ay nabibigyan ng pagkakataon. Ang mga guro na katulad ni Cristo ay interesado sa pagkatuto ng bawat tao, hindi lang sa mga madalas magsalita. Maghanap ng mga paraan na maparami ang mga miyembro ng klase na makapagbibigay ng kanilang patotoo. Halimbawa:

- Maaari mong hatiin ang mga mag-aaral sa mga pares o sa maliliit na discussion group, o kahit sa mas maliliit na klase, kapag inaprubahan ng bishopric.
- Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng klase na isulat ang kanilang mga iniisip o nadarama at ipabahagi sa ilan ang isinulat nila.
- Maaari mong sabihing "Makinig naman tayo sa isang tao na hindi pa nakapagbahagi" o "Magandang puna iyan. Ano ang palagay ng iba sa inyo rito?"
- Kung mga bata ang mga tinuturuan mo, maaari kang mag-isip ng isang simpleng laro na makakasali ang lahat.

Maaari kang mabigyang-inspirasyon na anyayahan ang isang partikular na tao na magbahagi—marahil dahil may pananaw siya na makakatulong na marinig ng iba. Isiping magtanong ng mga bagay na nagmumula sa mga karanasan at kalakasan ng isang tao, tulad ng "Ano ang naituro ng karanasan ninyo bilang ina tungkol sa pagmamahal na tulad ng kay Cristo?"

Huwag maging masyadong abala sa lesson na nalilimutan mo nang pasalamatan ang mga mag-aaral sa kanilang mga ambag. Kailangan nilang malaman na pinahahalagahan mo ang kahandaan nilang ibahagi ang kanilang mga pananaw at patotoo.

***Tanong na pagninilayan.*** Maliban sa pagbibigay ng puna o pagbabahagi ng mga karanasan, ano ang iba pang mga paraan na makakasali ang mga miyembro ng klase?

***Halimbawa sa scriptures.*** Paano isinama ng Tagapagligtas ang mga taong madalas makaligtaan? (tingnan sa Marcos 10:13–16; Juan 4:3–42).

### MAGBIGAY NG MGA INSPIRADONG TANONG

Ang mga tamang tanong ay makakagawa ng kaibhan sa pagitan ng isang inspiradong talakayan na nagpapatatag ng pananampalataya at patotoo at ng isang talakayan na nakakatuwa lang o ni walang pakinabang. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa pagbibigay ng mga inspiradong tanong, tingnan ang "Magbigay ng mga Inspiradong Tanong" sa resource na ito.



## HAYAANG GABAYAN KA NG ESPIRITU

Kapag namuno ka sa mga talakayan, hayaang gabayan ka ng Espiritu Santo. Tiyakin na laging positibo at nakasisigla ang mga talakayan. Huwag tapusin nang napakaaga ang isang masiglang talakayan para lang ituro ang lahat ng materyal ng lesson, lalo na kung napansin mo na makabuluhan ang talakayan sa mga tinuturuan mo.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Paano ko masasabi na ginagabayan ng Espiritu ang isang talakayan? Paano ko malalaman kung kailan tatapusin ang talakayan at itutuloy ang lesson?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ko mula sa Doktrina at mga Tipan 50:21–22 tungkol sa pagsunod sa Espiritu sa pagtuturo ko?

## MAGBIGAY NG MGA FOLLOW-UP NA TANONG

Kapag nagbahagi ang isang tao ng pananaw ukol sa doktrina o espirituwal na karanasan, maaari mong madama na siya—o ang iba pa sa klase—ay marami pang maibabahagi. Ang mga follow-up na tanong ay makakahikayat ng iba pang mga puna at maghahatid ng mas malalim na kabatiran. Halimbawa, maaari mong itanong, "Bakit mahalaga sa iyo ang alituntuning ito?" o "Anong iba pang mga talata ang nagtuturo ng katotohanang ito?"

***Tanong na pagninilayan.*** Paano ko mahihikayat ang mga tinuturuan ko na mag-isip nang mas malalim tungkol sa mga alituntuning tinatalakay nila?

***Halimbawa sa scriptures.*** Paano binigyang-inspirasyon ng Tagapagligtas ang Kanyang mga disipulo na mag-isip nang mas malalim tungkol sa mga turo Niya? (tingnan, halimbawa, sa Lucas 24:13–32; Juan 21:15–18).

Tingnan din sa video na "Asking Follow-Up Questions" (LDS.org).

## MAKINIG

Ang pakikinig ay pagpapakita ng pagmamahal. Kailangan rito na mas isipin natin ang nasa puso ng ibang tao kaysa sa sumunod sa ating agenda o outline. Magpatulong sa Ama sa Langit na maunawaan mo ang sinasabi ng mga miyembro ng klase mo. Habang pinapansin mong maigi ang kanilang binibigkas at hindi binigkas na mga mensahe, mas mauunawaan mo ang kanilang mga pangangailangan, problema, at hangarin. Tutulungan ka ng Espiritu na malaman kung paano sila tuturuan, anong mga follow-up na tanong ang ibibigay, at paano sila matutulungang tugunan ang kanilang mga pangangailangan.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Paano ko malalaman na nakikinig sa akin ang isang tao? Paano ko maipapakita sa mga miyembro ng klase na taos-puso ko silang pinakikinggan?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang natutuhan ni Alma sa pakikinig sa mga maralitang Zoramita? (tingnan sa Alma 32:4–8). Paano nakaapekto ang natutuhan niya sa kanyang pagtuturo?

Tingnan din sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 210–11.

### PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito. Huwag tangkaing ituro ang lahat sa isang miting.

***Magpraktis.*** Pagpraktisin ang isang guro na pamunuan ang grupo sa isang maikling talakayan tungkol sa isang alituntunin ng ebanghelyo na malapit na niyang ituro. Hikayatin ang guro na iangkop ang mga ideyang nasa bahaging ito (maaaring makatulong ang iminungkahing mga video). Pagkatapos, maaaring pag-usapan ng mga guro kung ano ang nangyaring maganda at ano ang mapagbubuti pa.

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

## Anyayahan ang mga Mag-aaral na Kumilos

Nagturo ang Tagapagligtas upang baguhin ang mga buhay. Nais Niya na higit pa ang gawin ng Kanyang mga disipulo kaysa makinig lang sa Kanyang mga salita, kaya inanyayahan Niya silang kumilos nang may pananampalataya ayon sa Kanyang mga turo. Alam Niya na kapag ipinamuhay ng Kanyang mga alagad ang doktrinang itinuro Niya, malalaman nila na nagmula ito sa Diyos (tingnan sa Juan 7:17). Ang mga turo Niya ay magiging proteksyon sa kanila sa mga panahon ng kaguluhan, pagkalito, at paghihirap (tingnan sa Mateo 7:24–27). Tandaan na ang pagpapatibay ng pananampalataya at pagiging higit na katulad ni Cristo ay hindi nangyayari sa isang maikling oras ng klase. Kapag inanyayahan mo ang mga tinuturuan mo na kumilos ayon sa tunay na doktrina, tinutulungan mo silang lumawak ang kanilang karanasan sa pag-aaral hanggang sa kanilang tahanan at araw-araw na buhay (tingnan sa D at T 43:8–10).

### MAGBIGAY NG MGA PAANYAYANG GUMAGALANG SA KALAYAAN

Mas malamang na magkaroon ang mga tao ng makabuluhang mga pagbabago sa kanilang buhay kapag malaya nilang piniling magbago. Kapag nag-anyaya kang kumilos, tiyaking igalang ang kalayaan ng mga tinuturuan mo. Halimbawa, sa halip na palaging mag-anyayang gawin ang isang partikular na bagay, isiping anyayahan ang mga mag-aaral na mag-isip ng sarili nilang mga paraan kung paano nila ipamumuhay ang kanilang natutuhan. Maaari mong sabihing, "Paano ninyo mapapatibay ang mga ugnayan ninyo sa inyong mga kapatid?" o "Isulat ang isang espirituwal na impresyong natanggap ninyo at kung paano kayo kikilos ayon dito."

***Tanong na pagninilayan.*** Kailan ako natulungan ng paanyaya ng isang guro na gamitin ang aking kalayaan?

***Halimbawa sa scriptures.*** Matapos ikuwento ang talinghaga ng mabuting Samaritano, sinabi ng Tagapagligtas, "Humayo ka, at gayon din ang gawin mo" (Lucas 10:37). Ano ang natutuhan ko sa paanyayang ito at sa iba pang ipinaabot ng Tagapagligtas?

### PATOTOHANAN ANG IPINANGAKONG MGA PAGPAPALA

Kapag nagbigay ng isang utos ang Panginoon, madalas Siyang mangako ng mga pagpapala sa pagsunod sa utos na iyon. Kapag nagbigay ka ng paanyaya na ipamuhay ang isang partikular na alituntunin, tulungan ang mga mag-aaral na tuklasin ang mga pagpapalang ipinangako ng Diyos sa mga taong namumuhay ayon sa alituntuning iyon. Maaari mo ring patotohanan ang mga pagpapalang natanggap mo sa pamumuhay ng alituntunin.

***Tanong na pagninilayan.*** Kailan ako naging inspiradong ipamuhay ang isang alituntunin ng ebanghelyo sa pakikinig sa patotoo tungkol sa ipinangakong mga pagpapala?

***Halimbawa sa scriptures.*** Paano ginamit ng Tagapagligtas ang mga pangako upang bigyang-inspirasyon ang Kanyang mga disipulo? (tingnan sa Lucas 12:22–31).

### MAG-FOLLOW-UP SA MGA PAANYAYANG KUMILOS

Kapag nag-follow-up ka sa isang paanyayang kumilos, ipinapakita mo sa mga mag-aaral na nagmamalasakit ka sa kanila at inaalam mo kung paano pinagpapala ng ebanghelyo ang kanilang buhay. Binibigyan mo rin sila ng mga pagkakataong ibahagi ang kanilang mga karanasan, na nagpapatibay sa kanilang katapatan at nagbibigay-daan para suportahan nila ang isa't isa sa pamumuhay ng ebanghelyo. Maraming paraan ng pag-follow-up sa mga paanyaya. Halimbawa, maaari kang maglaan ng oras sa simula ng klase para ipabahagi sa mga mag-aaral ang nagawa nila upang makakilos ayon sa isang paanyaya. O maaari kang mag-follow-up sa pamamagitan ng text message o email sa mga miyembro ng klase.

Kung nakikipagsalitan ka sa isa pang guro sa pagtuturo sa klase, maaari mong kailanganing itugma ang inyong mga pagsisikap na mag-follow-up. Halimbawa, maaari mong ialok na simulan ang lesson mo sa pag-follow-up sa anumang mga paanyaya ng gurong iyon noong nakaraang linggo, at maaari mong hilingin sa kanya na gawin din iyon. O maaaring mas angkop para sa isang miyembro ng auxiliary, quorum, o class presidency na magbigay o mag-follow-up tungkol sa mga paanyaya.

***Tanong na pagninilayan.*** Bakit mahalagang mag-follow-up sa mga paanyayang kumilos?

***Halimbawa sa scriptures.*** Tinipon ng Tagapagligtas ang Kanyang mga Apostol upang masabi nila sa Kanya ang kanilang nagawa at naituro (tingnan sa Marcos 6:30). Paano ako magpa-follow-up sa mga paanyayang kumilos?

### PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito. Maaari ninyong panoorin at talakayin ang video na "Invite Us to Act" (LDS.org).

***Magpraktis.*** Ipaisip sa mga guro ang darating na mga pagkakataon nilang magturo at isulat ang mga posibleng paanyayang maibibigay nila ayon sa edad ng kanilang mga tinuturuan. Hikayatin silang ibahagi sa isa't isa ang isinulat nila at bigyan ng feedback ang isa't isa.

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

## Suportahan ang Pag-aaral ng Ebanghelyo sa Tahanan

Ang isa dapat sa mga mithiin mo bilang guro ay hikayatin ang mga tinuturuan mo na magkaroon ng sarili nilang mga karanasan sa paggamit ng scriptures—kapwa sa pag-aaral nang mag-isa o kasama ang kanilang pamilya. Epektibo man ang ginugol mong oras sa klase, hindi nito mapapalitan ang pag-aaral ng scriptures nang mag-isa at kasama ang pamilya—mga pagkakataon na matuturuan ng Espiritu ang mga tao nang personal. Sa maraming paraan, ang tagumpay mo bilang guro ay depende sa kung gaano mo epektibong natutulungan at nahihikayat ang mga miyembro ng klase na matuto sa kanilang sarili.

### MAGHIKAYAT NG PERSONAL AT PAMPAMILYANG PAG-AARAL NG EBANGHELYO

Kahit hindi dapat maging pangunahing lugar ang klase mo tuwing Linggo para matutuhan ng mga miyembro ng klase ang ebanghelyo, dapat itong maging isang lugar kung saan sila tatanggap ng panghihikayat at inspirasyon na pag-aralan ang ebanghelyo nang mag-isa at kasama ang kanilang pamilya.

Maraming paraan para makahikayat ka ng personal at pampamilyang pag-aaral sa bahay. Nagpasiya ang isang guro ng Gospel Doctrine na ilalaan niya ang unang ilang minuto ng bawat lesson para maibahagi ng mga miyembro ng klase ang anumang nagbigay-inspirasyon sa kanila mula sa pagbabasa ng banal na kasulatan nang mag-isa o kasama ang kanilang pamilya. Noong una iilan lang ang gustong magbahagi. Ngunit nang patuloy itong gawin ng kanilang guro, dumami nang dumami ang mga miyembro ng klase na nagsimulang magbahagi. Naobserbahan ng isang miyembro ng klase, “Hindi kami inaanyayahan ng aming guro na magbasa para maging mas maganda ang lesson niya; inaanyayahan niya kaming magbasa dahil alam niya na pagpapalain nito ang buhay namin. Pagkatapos, nang makita namin na mahalaga sa kanya ang itinuro sa amin ng Diyos mula sa scriptures, malaking kaibhan ang nagawa nito. Talagang nagbabasa na ako ngayon ng scriptures nang may higit na layunin.”

Ang isa pang paraan para maghikayat ng personal at pampamilyang pag-aaral ng banal na kasulatan ay anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi sa kanilang mga kapamilya o kaibigan ang isang bagay na natutuhan nila sa klase.

***Mga tanong na pagninilayan.*** Ano ang magagawa ko para mahikayat ang mga mag-aaral na pag-aralan ang ebanghelyo sa kanilang sarili? Paano ko ito magagawa kapag mga bata ang tinuturuan ko?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang nakabilib sa akin sa mga sinabi ni Nephi sa 1 Nephi 15:23–25? Paano ko masusunod ang kanyang halimbawa sa aking pagtuturo?

### TULUNGAN ANG MGA MAG-AARAL NA SUPORTAHAN ANG ISA’T ISA

Hindi nag-aaral ng scriptures ang ilang tao sa bahay nila dahil iniisip nila na napakahirap pag-aralan ang scriptures. Ang iba naman ay maaaring hindi nauunawaan nang malinaw na may dumarating na mga pagpapala sa pag-aaral ng ebanghelyo sa bahay. Makakatulong ka sa pagdaig sa mga balakid na ito sa paglikha ng isang kapaligiran sa klase na masusuportahan at mahihikayat ng mga mag-aaral ang isa’t isa at magiging komportable silang magbahagi ng nakakatulong na mga ideya at karanasan.

Sa isang klase ng Gospel Doctrine na nag-aaral tungkol sa Lumang Tipan, nagpahayag ng pagkadismaya ang isang lalaking may edad na sa pagsisikap na maunawaan ang aklat ni Isaias. Pinasalamatan siya ng guro sa kanyang katapatan at itinanong sa klase kung ano ang maipapayo nila. Ilang miyembro ng klase ang nagbahagi ng mga estratehiya sa pag-aaral ng scriptures at ng nakakaantig na mga karanasan nila sa pag-aaral ng mga salita ni Isaias. Naalala ng isang miyembro ng klase, “Hinikayat naming lahat ang brother na ito. Kagila-gilalas ang nagkakaisang damdamin sa silid. Nadama talaga namin na iisa ang layunin naming lahat.”

***Tanong na pagninilayan.*** Ano ang magagawa ko para mabigyang-inspirasyon ang klase ko na magbahagi ng mga ideya kung paano magkaroon ng mga makabuluhang karanasan sa scriptures?

***Halimbawa sa scriptures.*** Ano ang ibig sabihin ng “lahat ay mapasigla ng lahat”? (D at T 88:122). Paano ko mahihikayat ang mga mag-aaral na hangaring patibayin ang isa’t isa habang nagtatalakayan sa klase?

### PARA SA LIDER NG TALAKAYAN

***Magbahaginan at magsanggunian.*** Magsimula sa pagpapabahagi sa mga guro ng mga huling karanasan nila sa pagtuturo at magtanong ng mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo.

***Magkasamang matuto.*** Ipatalakay sa mga guro ang isa o higit pang mga ideya sa bahaging ito.

***Mag-anyaya.*** Sabihin sa mga guro na maglaan ng ilang sandali sa darating na ilang lesson para maibahagi ng mga miyembro ng klase ang natutuhan nila sa bahay. Sa idaraos na teacher council meeting, ipabahagi sa mga gurong ito ang kanilang mga karanasan. Magpabahagi sa kanila ng ibang payo kung paano suportahan ang mga mag-aaral sa pagsisikap nilang matutuhan ang ebanghelyo sa bahay.

***Maghanda.*** Sama-samang pagpasiyahan ang paksa para sa susunod na miting, at sabihin sa mga guro na maghanda.

## Pagpapahusay Bilang Isang Guro na Katulad ni Cristo: Isang Pagsusuri sa Sarili

Hinikayat ni Apostol Pablo ang mga Banal sa kanyang panahon na "siyasatin ninyo ang inyong sarili, kung kayo'y nangasa pananampalataya; subukin ninyo ang inyong sarili" (II Mga Taga Corinto 13:5). Bilang mga guro, dapat din nating suriin ang ating mga kalakasan at kahinaan upang lagi nating mapahusay ang kakayahan nating tulungan ang mga mag-aaral na tumibay ang pananampalataya kay Jesucristo at maging higit na katulad Niya. Habang hinahangad mong humusay, alalahanin ang pangako ng Panginoon: "Dahil sa kinilala mo ang iyong kahinaan ikaw ay gagawing malakas" (Eter 12:37). Magtiyaga sa iyong sarili, at hangarin ang nagpapalakas na kapangyarihan ng Tagapagligtas upang maging katulad ng guro na alam Niyang kaya mong maging.

Matutulungan ka ng sumusunod na aktibidad na ipamuhay ang mga alituntunin ng pagtuturo na katulad ni Cristo. Basahin ang bawat pahayag sa ibaba, at isipin kung gaano kaganda ka nito inilalarawan bilang guro. Piliin ang pinakaangkop na tugon para sa bawat isa:

*1 = madalang 2 = paminsan-minsan 3 = madalas 4 = halos palagi*

Pagkatapos, ayon sa patnubay ng Espiritu, mapanalanging piliin ang ilang bagay na nais mo pang paghusayin. Magtakda ng ilang mithiin, at gamitin ang mga bahagi ng resource na ito para matulungan kang magpakahusay. Balikan ang aktibidad na ito maya't maya upang masuri ang iyong pag-unlad.

### MAHALIN ANG MGA TINUTURUAN MO

___ Ipinagdarasal ko ang mga tinuturuan ko.

___ Ipinapakita ko sa mga tinuturuan ko na mahal ko sila.

___ Nauunawaan ko ang mga pangangailangan at karanasan ng mga tinuturuan ko.

___ Kapag naghahanda akong magturo, mas nagtutuon ako sa mga taong tinuturuan ko kaysa sa paglalahad ng lesson.

___ Ayon sa pahiwatig ng Espiritu, binabago ko ang aking mga plano upang matalakay ang mga tanong at pangangailangan ng mga mag-aaral sa halip na subuking ituro ang lahat ng naihanda ko.

___ Tinutulungan ko ang mga hindi dumadalo sa klase.

### MAGTURO SA PAMAMAGITAN NG ESPIRITU

___ Ipinagdarasal ko na patnubayan ako ng Espiritu sa aking buhay at sa mga pagsisikap ko bilang guro.

___ Sinisikap kong mamuhay nang marapat para sa patnubay ng Espiritu Santo.

___ Nakikinig ako sa mga espirituwal na pahiwatig habang naghahanda ako at nagtuturo, at may pananampalataya ako na baguhin ang aking mga plano alinsunod dito.

___ Nagpapatotoo ako sa mga tinuturuan ko.

___ Tinutulungan ko ang mga tinuturuan ko na makita ang impluwensya ng Espiritu.

___ Nagsisimula akong maghanda isang linggo man lang bago ako magturo, at itinatala ko ang mga espirituwal na impresyong natatanggap ko.

___ Ang aking silid-aralan ay naganyaya sa Espiritu.

### ITURO ANG DOKTRINA

___ Nakatuon ang pagtuturo ko sa scriptures at sa mga salita ng mga propeta sa mga huling araw.

___ Kung naaangkop, gumagamit ako ng mga kuwento, musika, sining, at ibang pang angkop na mga resource para matulungan ang mga tinuturuan ko na maunawaan ang mga doktrina.

___ Kapag may mga tanong na mahirap sagutin, tumutugon ako sa mga paraan na nagpapatibay ng pananampalataya.

### MAGHIKAYAT NG MASIGASIG NA PAG-AARAL

___ Tinutulungan ko ang mga tinuturuan ko na maging responsableng matuto sa kanilang sarili.

___ Nagtatanong ako ng mga bagay na naghihikayat ng pagninilay.

___ Inaanyayahan ko ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang mga kabatiran at patotoo at palakasin ang bawat isa.

___ Gumagamit ako ng mga follow-up na tanong upang hikayatin ang mga mag-aaral na pag-isipan nang mas malalim ang mga alituntunin ng ebanghelyo.


___ Tinutulungan ko ang mga mag-aaral na mahanap ang mga sagot sa kanilang mga tanong, sa halip na sagutin ang lahat ng tanong para sa kanila.

___ Naglalaan ako ng mga oportunidad na makasali ang lahat ng mag-aaral sa talakayan.

___ Inaanyayahan kong kumilos ang mga mag-aaral ayon sa mga natututuhan nila, ayon sa patnubay ng Espiritu.

___ Nagpa-follow-up ako sa mga paanyaya kong kumilos sila, at ipinababahagi ko sa mga mag-aaral ang mga karanasan nila.

___ Hinihikayat ko ang mga mag-aaral na pag-aralan ang scriptures sa kanilang sarili at kasama ang kanilang pamilya.



"At kung ang mga tao ay lalapit sa akin ay ipakikita ko sa kanila ang kanilang kahinaan. Ako ay nagbibigay ng kahinaan sa mga tao upang sila ay magpakumbaba; at ang aking biyaya ay sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba ng kanilang sarili sa aking harapan; sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila" (Eter 12:27).

# Pagpatnubay sa mga Bagong Guro: Isang Responsibilidad ng mga Priesthood at Auxiliary Leader

Kung ikaw ay isang priesthood o auxiliary leader, responsibilidad mong "kausapin ang bawat bagong tawag na guro sa [inyong] mga organisasyon, hangga't maaari ay bago magturo ng unang lesson ang bawat guro" (*Handbook 2: Administering the Church* [2010], 5.5.3). Ang mga miting na ito ay isang oportunidad para ipaalam sa mga bagong guro ang kanilang sagradong calling at bigyan sila ng inspirasyon sa konsepto ng kahulugan ng magturo sa paraan ng Tagapagligtas. Bilang lider, matutulungan mo ang mga bagong guro na maghandang maglingkod sa pamamagitan ng paggawa ng mga sumusunod:

### TALAKAYIN ANG KAHULUGAN NG MAGTURO SA PARAAN NG TAGAPAGLIGTAS

Upang maipaunawa sa bagong guro kung paano nagturo ang Tagapagligtas at ang kahulugan nito sa mga guro, talakayin nang maikli ang sumusunod na mga alituntunin sa bagong guro:

■ *Mahalin ang mga tinuturuan mo.* Tulungan ang bagong guro na magtuon sa mga pangangailangan ng mga taong tinuturuan niya. Sabihin sa bagong guro na alamin ang kanilang mga kalakasan at natatanging mga pangangailangan. Kung kailangan, magbigay ng listahan ng mga miyembro ng klase. Ipaalala sa bagong guro na responsibilidad niyang tulungan ang mga mag-aaral na hindi regular na nakakadalo sa klase. Hikayatin ang guro na mapanalanging maghanap ng mga paraan para matulungan ang mga taong ito.

■ *Magturo sa Pamamagitan ng Espiritu.* Talakayin ang kahalagahan ng espirituwal na paghahandang magturo. Dahil dumarating ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo nang taludtod sa taludtod, hikayatin ang bagong guro na magsimula sa paghahandang magturo isang linggo man lang bago siya magturo at maghangad ng inspirasyon sa buong linggo.

■ *Ituro ang doktrina.* Patotohanan ang kapangyarihan ng salita ng Diyos na baguhin ang mga puso. Sabihin sa bagong guro na pag-aralan ang scriptures at mga salita ng mga buhay na propeta sa nakatakdang mga paksang ituturo bago sumangguni sa anumang suplementong materyal. Hikayatin ang guro na itala ang mga espirituwal na impresyong natatanggap niya habang nag-aaral at magtuon sa mga alituntunin at resource na nagpapatibay ng pananampalataya at naghihikayat ng pamumuhay na katulad ni Cristo.

■ *Maghikayat ng masigasig na pag-aaral.* Ipaunawa sa bagong guro na ang kahulugan ng pagtuturo ay higit pa sa paglalahad ng lesson; nangangahulugan ito ng paghihikayat sa mga tao na maging responsable sa sarili nilang pag-aaral ng ebanghelyo at pagpapatibay sa isa't isa bilang mga mag-aaral ng ebanghelyo (tingnan sa D at T 88:122).

### TALAKAYIN ANG INYONG PARTIKULAR NA ORGANISASYON

Bukod pa sa pagtalakay sa mga pangkalahatang alituntunin ng pagtuturo na katulad ni Cristo, maaari mong ibahagi sa bagong guro ang anumang bagay na makakatulong tungkol sa inyong organisasyon. May mga pangangailangan ba natalakay ninyo bilang presidency na gusto ninyong ipaalam sa inyong mga guro? Halimbawa, kung nakadama ng inspirasyon ang isang elders quorum presidency na bigyang-diin ang pagkakaisa sa korum, paano masusuportahan ng mga quorum instructor ang mithiing ito? Kung sinabi ng bishop sa ward council na dagdagan pa ang pagpipitagan sa ward, paano makakatulong ang mga guro sa Primary?

Kung kailangan, sabihin sa bagong guro kung saang silid siya magtuturo at kung aling lesson ang sisimulan, at magbigay ng anumang impormasyon na kailangan ng guro tungkol sa klase at sa mga miyembro nito.

### MAG-ALOK NG PATULOY NA TULONG

Ipaliwanag na matutulungan mo ang bagong guro sa kanyang calling sa anumang paraan at mabibigyan siya ng suporta sa silid-aralan kung kailangan. Maaari ka pa ngang mag-alok na mag-obserba sa klase ng bagong guro paminsan-minsan at magbigay ng feedback. Bigyan ang guro ng kopya ng resource na ito at ipaliwanag kung kailan idinaraos ang buwanang teacher council meeting. Ipaliwanag ang mga layunin ng mga miting na ito at na inaasahan mong lalahok dito ang bagong guro.

Hikayatin ang bagong guro na bisitahin ang bahaging My Calling sa LDS.org at ang Gospel Library app para sa iba pang impormasyon kung paano umunlad bilang guro.



"Kahit ang pinakabagong miyembro ng Simbahan ay madarama na ang tawag na maglingkod ay bunsod ng ating pagmamahal. Makikilala natin ang Guro sa pamamagitang ng pagbibigay ng ating buong puso sa Kanya at pagsunod sa Kanyang mga utos. . . . Ang kailangan [ng mga tinawag na maglingkod], na higit pa sa pagsasanay sa kanilang tungkulin, ay makita sa kanilang espirituwal na mga mata ang kahulugan ng tawag na maglingkod sa ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo" (Henry B. Eyring, "Manindigan sa Iyong Tungkulin," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2002, 75).

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02133 01893 6
13301 893